

**Ang Paghiraya sa Bansa ni Don Belong: Pagsusuri ng mga Akda ni
Isabelo de los Reyes sa Kanyang Yugto ng Transisyon (1897–1912)**

***Imagining our Nation through Don Belong: An Analysis of Isabelo
de los Reyes’s Works During His Period of Transition (1897–1912)***

Leslie Anne L. Liwanag
Central Luzon State University

Michael Charleston “Xiao” B. Chua
De La Salle University

ABSTRAK

Hangarin ng proyekto ang pagbasa at pagsuri ng mga akda ni Isabelo de los Reyes sa yugto ng transisyon mula sa panahon ng Espanyol tungo sa panahon ng Amerikano (1897–1912). Bukod dito, babalikan ang mga sosyo-historikal na kontesкто at pangyayari sa panahong ito upang mabatid ang paghiraya ni de los Reyes sa bansa at lipunang Pilipino. Makabuluhan ang layunin ng proyekto upang maaninag ang isa pang panig ng Ilokanong polimata na nakipagbuno sa loob ng Pilipinas sa ilalim ng panahon ng mga Amerikano. Nahahati sa mga substantibong seksiyon ang papel: 1) nosyon ng nasyon ng Kanluran at kulturang bayan ng lupang sinilangan, 2) mga akda ni de los Reyes na nakapaloob sa yugto ng transisyon, 3) matitingkad na tema at diskurso mula sa mga akda ni de los Reyes, at ang 4) kongklusyon. Higit kailanman, sumulat si de los Reyes sa panahong ito upang makabuo ng matatalas na kaisipan at magmarka sa kasaysayan. Sa gitna ng mga kinaharap na hamon, bumuo ng mga oportunidad ang Ilokanong polimata upang mapagtagumpayan ang mga bagay na pinangarap niya para sa Pilipinas.

Mga susing salita: Isabelo de los Reyes, Panahon ng Amerikano, yugto ng transisyon, Iglesia Filipina Independiente, Union Obrera Democratica

ABSTRACT

The project aims to read and analyze the works written by Isabelo de los Reyes during the transition period from the Spanish to the American colonial era (1897–1912). It also retraces the period's socio-historical contexts and events to understand de los Reyes's imagination of the country and the Filipino community. This project highlights the uncharted chapters of the Ilocano polymath's life during the American era in the Philippines. There are four sections in this paper: 1) the West's notion of "nation" and the national culture of "bayan" in de los Reyes's land of birth, 2) some works of de los Reyes during the transition period, 3) prevalent themes and discourses from de los Reyes's works, and 4) conclusion. More than any other time, de los Reyes wrote during this period to forge insights that made his mark in history. In spite of the socio-political challenges he faced, the Ilocano polymath created opportunities to make possible what he dreamed for the Philippines.

Keywords: Isabelo de los Reyes, American occupation, Transition Period, Iglesia Filipina Independiente, Union Obrera Democratica

Sa pagpasok ng ika-labinsiyam na siglo, umusbong ang ilang mga pagsusumikap upang makamtan ang "kalayaan" kung saan mababanaag ang marubdob na dedikasyon ni Don Isabelo de los Reyes (1864–1938), ang itinuring na Ama ng Unyon ng mga Manggagawa sa Pilipinas at Tagapagtatag ng Nagsasariling Simbahang Pilipino. Sa loob ng mga panahong ito, nagsimula na ring gumulong ang mga magkakasunod na pangyayari na magbibigay-daan sa mga bahagi ng kasaysayan ng Kapilipinuhan tungo sa kalaunang pagkabansa: ang pagputok ng Himagsikang Pilipino noong 1896, ang pagwakas ng naghahari-hariang pananakop ng mga Espanyol matapos ang 333 na taon, ang digmaang Pilipino-Amerikano 1899 hanggang 1913, at ang tuwiran at ganap na pananakop ng Estados Unidos. Kaakibat ng mga hamon at ng mga makasaysayang pangyayari sa Pilipinas, sinabayan ito ng mga rebolusyonaryong pagsusumikap ni de los Reyes na magbabago sa kasaysayang Pilipino.

Sa nauna nang mga inilathalang artikulo tungkol kay de los Reyes, tinukoy ang yugto ng paghuhubog ni de los Reyes noong taong mula 1864 hanggang 1889 kung saan nasasaklaw ang mga sumusunod na matingkad na pangyayari: pagkamangha sa mga kuwento at superstisyon ng mga kanayunan sa murang edad; pagtingala

sa inang si Leona Florentino (1849–1884), ang kauna-unahang babaeng makata sa Pilipinas, kung kaya nawili rin ang batang de los Reyes sa pagsulat; pinaubaya siya ng mga magulang sa progresibong abogado na tiyo na si Marcelino “Mena” Crisologo (1844–1927); pagkadismaya sa seminaryo sa Vigan dahil sa mga prayle at laykong nanindigan na walang katuturan ang mga kaalamang bayan na bunga ng folklore; pagtustos sa sariling pag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat at pamamahayag; pagtatag ng Ilokanong pahayagan at palimbagan; at pagsailalim sa tagapayo na itinuturing na Ama ng Araling Filipino na si Felipe Del-Pan (Liwanag 41-43).

Sa kabilang banda, tinukoy ang yugto ng propaganda ni de los Reyes mula taong 1889 hanggang 1897 kung saan nasasakop ang pagiging aktibo bilang manunulat at mamamahayag; pag-aresto sa tiyo na si Mena dahil sa pakikibaka sa karapatan ng mga katutubo; paglantad unti-unti ng mga pang-aabuso ng mga prayle at pinunong Espanyol; at pagkakulong sa Kastilyo ng Montjuich, Espanya kung saan nakasalamuha ang mga sosyalista at anarkista. Malinaw sa yugtong ito ang mga sosyo-politikal na diskurso ni de los Reyes na natunghayan sa pahayagang *La Solidaridad*: 1) mahigpit na sensura ng mga palimbagan sa bansa, 2) ang metapora ng Pilipinas bilang lehitimong anak ng Espanya, 3) pagsulong para sa kinatawan ng Pilipinas sa Spanish Cortes, 4) kritisismo sa mga panlipunang sistema, 5) ang kapangyarihan ng mga Espanyol at ng Simbahang Katoliko, at 6) ang pagtugon sa iba pang mga mamamahayag (Liwanag at Chua 73). Kinilala si de los Reyes na sumandig sa proseso ng Hispanisasyon upang maisakatuparan ang mithiin ng sariling Pilipinong pagkakakilanlan at mapayapang pagwaksi sa pagharian ng Espanya. Sa panahon ng Kilusang Propaganda, matutunghayan ang mga ka-kontemporaryong ilustrado ni de los Reyes na dinadalumat ang konteksto ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga umiiral na dokumento sa Europa. Sa panig ni de los Reyes na nasa Pilipinas, hindi lihim sa mga ilustrado ang hindi nila pagkakasundo ni Jose P. Rizal dahil sa kaisipan ng Ilokanong polimata na pinagmulan ng lahing Pilipino ang mga Negrito, Tsino, Indones, at Arabo, at pagwaksi sa hegemonya ng lahing Malay na maling hinala ng mga Espanyol (Liwanag 40).

Kung kaya noong makulong si de los Reyes sa Kastilyo ng Montjuich sa Espanya, hindi siya nag-aksaya ng panahon at nakipag-ugnayan sa mga nakakulong na anarkista at sosyalista at ito ang nagbigay sa kanya ng mga ideya ukol sa sosyalismo at kilusang paggawa (Demeterio 886) na naging dahilan na simulan niyang isulat ang “Memoria” o madamdaming alaala ukol sa mga sanhi ng Himagsikang Pilipino. Nakalaya na lamang si de los Reyes sa Montjuich sanhi ng pangkalahatang amnestiya na idinulot ng Kasunduan sa Biak-na-Bato. Sa mga panahon ng pamamalagi sa Europa, hindi inaasahang nahulog ang loob ng Ilokanong ilustrado at pinakasalan ang Espanyolang si Maria Angeles “Geluz” Lopez Montero. Gayunman,

patuloy pa ring nag-isip at kumilos para sa mga kababayan si de los Reyes. Sa kanyang pagsasalin ng *Bagong Tipan* mula Espanyol tungo sa Wikang Ilokano para sa British and Foreign Bible Society, nagkaroon siya ng oportunidad na mas masuri at makapagnilay sa mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng paggabay ni R.O. Walker (Mojares, “Brother of the Wild” 270).

Ang yugto ng transisyon ay matutukoy na nagsimula noong 1897 nang dakpin si de los Reyes sanhi ng maling paratang na pagkakasangkot sa Katipunan. Ang pagkakakulong sa piitan ng Montjuich sa Espanya ay naging instrumental upang maunawaan ang kalagayan at makiisa sa mga hindi napakikinggang nasa laylayan. Sa pagdating ng mga mananakop na Amerikano, ang karanasan sa piitan ang naghanda sa Ilokanong polimata sa mga alternatibong landas at kaisipan. Pinaraanan ni de los Reyes ang “mas malayang” espasyo para maisakatuparan ang mga nararapat na pagkilos at pagpapalaganap ng kaisipang mas makatao at pananampalatayang mas maka-Pilipino.

Historikal na Konteksto sa Pagsulat ng mga Akda at Politikang Pagkilos ni de los Reyes

Sa pananatili ni de los Reyes sa Europa, natunghayan niya ang mga manggagawang protektado ng mga industriyalisadong nasyon, gayundin ang kapangyarihan ng kalayaan sa pamamahayag—mga bagay na nais niyang maisakatuparan sa sarili niyang bansa. Taong 1899, nagbunga din ang mga pinagkaabalahan ni de los Reyes sa piitan ng Montjuich. Inilathala ang obrang pinamagatang *La Sensacional Memoria de Isabelo de los Reyes Sobre la Revolución Filipina de 1896-97: por la Cual fué Deportado el Autor al Castillo de Montjuich* (*The Sensational Memoir of Isabelo de los Reyes and the Philippine Revolution, for Which the Author was Banished to the Castle of Montjuich*) na isinulat niya sa kaniyang piitan sa Espanya. Samantala, inilathala naman ang *Apuntes para un Ensayo de Teodicea Filipina: la Religion del Katipunan* (*Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy*), ang mas pinalawak na bersiyon ng “La Religion del Katipunan” (“The Religion of the Katipunan”), sa Bilibid ng Maynila. Matapos ang isang taong pagkakakulong sa Kastilyo ng Montjuich sa Espanya, inirepresenta ni de los Reyes ang mga Pilipino sa isang pambihirang pagdinig kasama ang apostolikong nungsiyo sa Madrid na si Guiseppe Francica-Nava di Bontife (1846–1928). Naging pagkakataon ito upang maipahayag ang mga nais na madulog ng Pamahalaang Malolos tungkol sa patuloy na sagupaan at naghaharing hirarkiya ng Espanya sa Pilipinas (Demeterio 887). Maituturing itong unang beses na diretsang nakisangkot si de los Reyes sa matinding bugso ng mga eklesiyastikal na kontrobersiya sa bansa (Liwana at Chua 91-93).

Kaalinsabay ng mga inisyal na pag-uusap nina de los Reyes at Gregorio Aglipay (1860–1940) ukol sa pagtatatag ng isang nagsasariling simbahang Pilipino, pinalaganap ni de los Reyes ang mga isyu hinggil sa pamumuno ng Estados Unidos sa Pilipinas. Noong 1901, naglathala ng samu't saring balita ang periyodikong *Filipinas Ante Europa* tungkol kay Emilio Aguinaldo (1869–1964) at sa ilang mga Pilipinong bayani, mga naglipanang isyung nasasangkot ang mga prayle, mga kuwento tungkol sa mga maka-Amerikanong Pilipino, mga disbentahe sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, at ang propaganda sa mga “tagumpay” ng mga mamamayang Pilipino sa iba’t ibang larangan. Nilikom ang ilang mga artikulo ng nasabing periyodikal sa *Filipinas: Independencia y Revolucion (Philippines: Independence and Revolution)* na inilimbag sa Madrid, Espanya noong 1900 na may cover letter para sa Pangulong William McKinley (Mojares, “Brother of the Wild” 271). Sanhi ng pagpuslit ng mga isyu ng *Filipinas Ante Europa* palabas ng Pilipinas at lihim na pagpapakalat ng mga kopya nito sa loob ng bansa, dinakip at pinagmulta ng mga awtoridad na Amerikano si de los Reyes. Dulot nito, humingi ng tulong si de los Reyes kay T.H. Pardo de Tavera (1857–1925) na may malakas na impluwensiya sa mga Amerikano kung kaya ginawaran agad ng pardon noong sumunod na taon (272).

Noong 1902, nag-organisa ng pagpupulong sina de los Reyes kasama ang ilandaang taga-impenta, litograpo, at iba pang manggagawa at kanilang binuo ang samahang *Union Obrera Democratica* (UOD) ang kauna-unahang unyon ng mga obrero sa Pilipinas. Sa mga unang buwan ng unyon, pinangunahan ni de los Reyes ang pagsampa ng mga petisyon sa proteksyon sa paggawa, pinangasiwaan ang tunggalian sa pagitan ng pamumuhunan at paggawa, at pinamahalaan ang mga edukasyonal at panlibangang aktibidad ng grupo (Mojares, “Brother of the Wild” 278). Sa isang pagtitipon ng UOD sa Quiapo, nagsimulang maitatag ang *Iglesia Filipina Independiente* (IFI) kung saan iniluklok ang nagdalawang-isip pa noong si Gregorio Aglipay bilang Obispo Maximo, samantalang nagsilbi namang Tagapamahalang Pangulo si de los Reyes (Demeterio 887).

Sa pagsisimula ng taong 1903, pinaigting ni de los Reyes ang lokal, pambansa, at pandaigdigang pag-uulat ng mga kondisyon at isyu sa paggawa sa pamamagitan ng mga kontribusyon at pagiging tagapanguna ng periyodikong *La Redencion del Obrero (The Redemption of the Laborer)*. Naalarma sa mga pagpupursiging ito ang mga Amerikano at ang mga Espanyol na kabilang sa Kamara ng Komersyo kung kaya madaliang ipinaaresto si de los Reyes dahil maaaring banta sa kaayusan. Habang nasa piitan sa Maynila, napilitang magbitiw si de los Reyes bilang pangulo ng UOD, at pumalit sa kanyang panunungkulan si Dominador Gomez (1868–1929).

Gayong natalikdan ang unyon noong makalaya, ibinaling ni de los Reyes ang pansin sa itinayong IFI sa pamamagitan ng pormal na pagpapasinaya at paunang selebrasyon ng pontifikal na misa sa isang bukas na altar sa Tondo, Maynila. Naglakbay si de los Reyes sa iba't ibang panig ng Pilipinas upang pangunahan ang muling pagpapasigla ng bagong simbahang Pilipino. Mula 1903 hanggang 1908, nagsulat si de los Reyes ng mga debosyonal at doktrinal na Aglipayanong teksto at naging direktor ng mga publikasyon ng simbahan tulad ng *Boletin de la Iglesia Filipina Independiente* (*Bulletin of the Philippine Independent Church*) noong 1903, *Doctrina y Reglas Constitucionales de la Iglesia Filipina Independiente* (*Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church*) noong 1904, *Catequesis de la Iglesia Filipina Independiente* (*Catechesis of the Independent Philippine Church*) noong 1905, *Lecturas de Cuaresma para la Iglesia Filipina Independiente* (*Lenten Readings for the Philippine Independent Church*), *Oficio Divino de la Iglesia Filipina Independiente* (*Divine Office of the Philippine Independent Church*), *Culto eucaristico o misal basado en lo que realmente practicaron nuestro Senor Jesucristo y sus santos apóstoles* (*Eucharistic or missal worship based on what our Lord Jesus Christ and His Holy Apostles Actually Practiced*), at *Gregorio Aglipay y otra preladados de la filipino Independiente Iglesia* (*Gregorio Aglipay and other prelates of the Philippine Independent Church*) noong 1906, at *Biblia Filipina* (*Filipino Bible*) noong 1908 (Bragado 68-69).

Sa kabilang banda, ang ina ni de los Reyes na si Leona Florentino (1849–1884) ay naging tanyag bilang isa sa mga unang nagsulat ng mga komedya at berso na binigyang-pagkilala lampas pa sa heograpikal na lokasyon ng Ilocos. Bakas kay de los Reyes ang kultural na pamanang ito matapos magsagawa ng sariling pagsusuri sa mga teatrikal na teksto sa pamamagitan ng paglathala ng *La Comedia Tagalog* (*The Tagalog Comedia*) noong 1904. Ang *La Comedia Tagalog* ay tungkol sa paninindigan ni de los Reyes na kahit pa nagmula ang konsepto ng komedya sa mga dayuhan, patuloy itong binalangkas, naging natatangi mula sa pinagmulan, at lumalabas na tunay na naging atin. Isinulat ni de los Reyes ang *La Comedia Tagalog* para sa mga noong “nagpapakamodernong” Pilipinong elit na patuloy na minamaliit ang Komedyang Tagalog dahil sa diumano’y kawalan ng kakayahang makipagsabayan at kababaan ng kalibre sa antas ng kultura (Mojares, “Producing Isabelo” 358).

Noong 1905, bumalik ng Espanya si de los Reyes upang pagtuunan ng atensyon ang asawang si Geluz na tahasang hindi sumang-ayon sa kanyang planong pagsabak sa politika. Gayunman, hindi pa rin matanggal sa isipan ni de los Reyes ang bansa, kung kaya ipinagpatuloy niya ang kontribusyon sa pagsulat ng mga artikulo sa mga palimbagan sa Pilipinas. Katunayan ang paglathala ng artikulong “La Religion Antigua de Filipinas” (“The Ancient Religion of the Filipinos”), isang elaborasyon ng mga nauna nang pag-aaral at pananaliksik tungkol sa mga sinaunang katutubong

relihiyon. Sa pagbabalik-Pilipinas ni de los Reyes at ng kanyang asawang si Geluz, hindi kinaya ng katawan ng maybahay ang tropikal na klima sa bansa kung kaya napagdesisyonang tumungo sa Japan. Sa kasamaang-palad, binawian ng buhay si Geluz sanhi ng panganganak ng kambal (Mojares, "Brother of the Wild" 285).

Alinsunod sa paglipas ng panahon noong taong 1911, dahan-dahan din huminahon si de los Reyes sa kanyang pribadong buhay at mga pampublikong gawain. Gayunman, unti-unti pa ring sumibol ang mga magiging bagong tagapanguna ng mga itinatag na kilusang paggawa at pagtaas ng bilang ng mga miyembro ng IFI. Nagdulot muli upang hindi matinag si de los Reyes sa patuloy na paglathala ng mga almanak sa Espanyol, Tagalog, at Iloko na tanyag sa mga satirikal na komento hinggil sa kaugalian at kasalukuyang estado ng bansa gamit ang mga popular na serye ng "Maanghang Calendar" (Mojares, "Brother of the Wild" 286).

Nosyon ng Nasyon ng Kanluran at Kulturang Bayan ng Lupang Sinilangan

Sa isang naunang artikulo ng katuwang na mananaliksik, isinalin ang pinakabuod ng konsepto ng nasyon ni Benedict Anderson (1936–2015) na "imagined communities" patungo sa "paghiraya sa nasyon" (Chua, "Ang Paghiraya sa Nasyon" 92-93). Isinalin ang "nation" bilang "nasyon" (hindi bilang "bansa") dahil naiiba ang tunguhin ng mga propagandistang mula sa mataas na antas ng lipunan. Nakabatay ito sa mga Kanluraning konsepto ng "nacion" ng mga Europeo na nakatuon sa pagtamo ng politikal na kalayaan at pagkakaroon ng estado. Ang mga akda ng mga propagandista tulad ng kay Rizal ang naging dahilan sa likod ng pagiging "kongkreto" ng ideya ng nasyon sa Pilipinas (kahit na hindi tunay na umiral kahit pa noon).

Samantala, itinuring na mas nag-uugat na mga Pilipino ang mga naggigiit ng kulturang "bayan" tulad ng Katipunan dahil mas organiko ang konsepto ng kalayaan. Kaakibat nito ang kaginhawahan at mabuting kalooban na nakapaloob sa dalumat ng Inang Bayan (Salazar, "Wika ng Himagsikan" 49-50 at "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto" 53-54; Chua, "Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban" 79-91; Rodriguez-Tatel 1-70).

Gayunman, nilinaw na hindi perpekto ang dikotomiya, kundi pagkilala lamang ng dalawang pangunahing tradisyon na pinagmulan ng mga ideya na magsisilang sa "Sambayanan" at "Lipunang Pilipino."

Matutukoy sa paglilinaw na ito ang halimbawa sa likod ng katauhan ni de los Reyes. Bagamat maituturing na ilustrado ang Ilokanong polimata dahil sa uring pinagmulan at antas ng edukasyon, mapagtatanto na isa siyang iskolar na hindi lamang nagtangkang maunawaan ang kultura ng bayan, kundi makiisa sa kanila.

Ang sukatan ng tagumpay ng pagtatangka ni de los Reyes na maintindihan ang bayan (na matutunghayan sa mga akda), ay sa pamamagitan ng pag-unawa ng mas nakararami sa mga ideya ng Ilokanong polimata at pagsapi sa mga pinangunahang kilusan sa paggawa at mas maka-Pilipinong pananampalataya.

Samakatuwid, kung nagdidiskurso si de los Reyes hinggil sa nararapat na maging pagkakakilanlan at kulturang Pilipino, bahagi ito ng paghiraya ng Ilokanong polimata sa kung anong uri ng bansa ang nararapat na umiral. Dahil sa nahigitan ni de los Reyes ang limitasyon ng kanyang panlipunang uri at nakiisa sa sambayanan, masasabi na hindi lamang konsepto ng “nasyon” ng Kanluranin ang hiniraya ni de los Reyes, bagkus isang “bansa” na nagsasarili.

Metodolohiya

Para sa metodolohiya, kinasangkapan ng mga mananaliksik ang deskriptibong pag-aaral batay sa pansinupang pananaliksik at gawaing pansilid-aklatan. Batay sa inilatag na kasaysayan at kultura, maging ang konteksto ng intelektwal na talambuhay ni de los Reyes, magsisilbing batis ang mga piling periyodisado at representatibong obra ni de los Reyes na inuri-uri alinsunod sa malilinaw na puntos ng intelektwal na talambuhay sa yugto ng transisyon.

Isang positibistang paglantad hinggil sa mga bagay na pinag-aaralan o sentrong paksa ang deskriptibong pag-aaral. Gayong madalas na mababaw ang tingin dito dahil sa diumanong kawalan ng kahalagahan at malabnaw na pagsusuri, makabuluhan pa ring gamitin ang deskriptibong pag-aaral lalo na sa mga paksang hindi pa gaanong sinisiyasat at walang masyadong nakakabatid. Sa kaso ng paggalugad ng pag-aaral kay de los Reyes, instrumental ang deskriptibong pag-aaral lalo pa at sinaunang konteksto ang tinatalakay upang mabigyang pagkilala ang kontribusyon ng Ilokanong polimata sa kontemporaryong Araling Filipino.

Kinasangkapan ng mga mananaliksik ang hermenyutika ng Aleman na teolohista at pilosopong si Friedrich Daniel Ernst Schleiermacher (1768–1834), na sandigan ng mananaliksik upang muling mabuo ang diwa ng mga teksto ni de los Reyes sa pamamagitan ng sistematikong estratehiya ng interpretasyon. Nakatuon sa kaisipan ni Schleiermacher sa paraang pagpokus ng lente sa isang sistema ng interpretasyon kung saan sinikap na maging mas dalubhasa sa pag-unawa kumpara sa mismong pagkaintindi ng Ilokanong polimata. Positibo ang mga mananaliksik sa mithiing ito sapagkat nilayon ang mabatid at matasa maging ang indibidwalidad ni de los Reyes. Nagsimula sa pamamagitan ng muling pagbisita sa konteksto ng kasaysayan at kultura o ang pinagmulan ng kaisipan ni de los Reyes.

Sa pamamagitan ng malalimang pagsiyasat, pagbasa, at pagsuri ng mga may-akda, tinatayang may 17 na mga obra si de los Reyes na nakapaloob sa kanyang yugto ng transisyon:

Talahanayan 1. Listahan ng mga Akda ni de los Reyes na Nakapaloob sa Yugto ng Transisyon

Pamagat sa Wikang Espanyol	Pamagat sa Wikang Ingles / Umiiral na Salin	Taon
“La Religion del Katipunan”	“The Religion of the Katipunan”	1899
<i>La Sensacional Memoria de Isabelo de los Reyes Sobre la Revolución Filipina de 1896-97: por la Cual fué Deportado el Autor al Castillo de Montjuich</i>	<i>The Sensational Memoir of Isabelo de los Reyes and the Philippine Revolution, for Which the Author was Banished to the Castle of Montjuich</i> <i>Memoria: Mga Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-97 (salin ni Teresita A. Alcantara)</i>	1899
<i>Apuntes para un Ensayo de Teodicea Filipina: la Religion del Katipunan</i>	<i>Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy</i> <i>The Religion of the Katipunan or the Old Beliefs of the Filipinos by Isabelo de los Reyes (salin ni Joseph Martin Yap)</i>	1899
<i>Independencia y Revolucion</i>	<i>Independence and Revolution</i>	1900
<i>Filipinas Ante Europa</i>	<i>Philippines Before Europe</i>	1901
<i>La Redencion del Obrero</i>	<i>The Redemption of the Laborer</i>	1903
<i>Boletin de la Iglesia Filipina Independiente</i>	<i>Bulletin of the Philippine Independent Church</i>	1903
<i>Doctrina y Reglas Constitucionales de la Iglesia Filipina Independiente</i>	<i>Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine independent Church</i>	1904
<i>La Comedia Tagalog</i>	<i>Ang Comediang Tagalog</i>	1904
<i>Catequesis de la Iglesia Filipina Independiente</i>	<i>Catechesis of the Independent Philippine Church</i>	1905
<i>Lecturas de Cuaresma para la Iglesia Filipina Independiente</i>	<i>Lenten Readings for the Independent Philippine Church</i>	1906
<i>Oficio Divino de la Iglesia Filipina Independiente, Primera Parte</i>	<i>Divine Office of the Philippine Independent Church</i>	1906
<i>Culto eucaristico o misal basado en lo que realmente practicaron nuestro Senor Jesucristo y sus santos apóstoles</i>	<i>Eucharistic or missal worship based on what our Lord Jesus Christ and his holy apostles actually practiced</i>	1906
<i>Gregorio Aglipay y otros prelados de la Iglesia Filipina Independiente</i>	<i>Gregorio Aglipay and other prelates of the Philippine Independent Church</i>	1906
<i>Biblia Filipina</i>	<i>Filipino Bible</i>	1908
<i>La Religion Antigua de Filipinas</i>	<i>The Ancient Religion of the Filipinos</i>	1909
<i>Calendario Picante</i>	<i>Maanghang Calendar</i>	1911

Bagaman nabanggit nang limitasyon ng mananaliksik ang wika dahil gagamitin ang mga obra ni de los Reyes na isinalin sa Ingles o Tagalog, nakatulong ang pagkonsulta sa ilang katutubong tagapagsalita at tagasalin upang magagap maging ang mga tekstong nakasulat sa wikang Espanyol.

Ang lahat ng isinulat ni de los Reyes sa yugtong ito na sinuri ng pag-aaral ay nakasulat sa wikang Espanyol, ngunit sumangguni ang mga mananaliksik sa mga umiiral na salin at masusing pinili ang mga akdang may malinaw na diskurso ni de los Reyes sa Araling Filipino at sa paghiraya ng lipunang Pilipino: 1) *La Sensacional Memoria de Isabelo de los Reyes Sobre la Revolución Filipina de 1896-97: por la Cual fué Deportado el Autor al Castillo de Montjuich* (*The Sensational Memoir of Isabelo de los Reyes and the Philippine Revolution, for Which the Author was Banished to the Castle of Montjuich*) noong 1899, na may salin na *Memoria: Mga Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-97* ni Teresita A. Alcantara; 2) *Apuntes para un Ensayo de Teodicea Filipina: la Religion del Katipunan* (*Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy*) noong 1899, na may salin na *The Religion of the Katipunan or the Old Beliefs of the Filipinos* by Isabelo de los Reyes ni Joseph Martin Yap; 3) *Filipinas Ante Europa* (*Philippines Before Europe*) noong 1901; 4) *La Redencion del Obrero* (*The Redemption of the Laborer*) noong 1903; 5) *Doctrina y Reglas Constitucionales de la Iglesia Filipina Independiente* (*Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church*) noong 1904; at 6) *Ang Comediang Tagalog* (*The Tagalog Comedia*) noong 1904. Ang mga akdang ito na nasa yugto ng transisyon ay tinatayang kumakatawan sa tatlumpu't limang porsyento ng kabuoang bilang ng akda ni de los Reyes sa natukoy na panahon.

MGA AKDA NI DE LOS REYES NA NAKAPALOOB SA KANYANG YUGTO NG TRANSISYON

Memoria: Mga Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-97

Maaaring maakses sa Internet Archive at Biblioteca Digital Hispanica ang orihinal na kopya sa wikang Espanyol na pinamagatang *La sensacional memoria de Isabelo de los Reyes sobre la revolucion filipina de 1896-97: por la cual fue deportado el autor al Castillo de Monjuich* na inilathala ng Delegasyon Filipinas sa Europa, Madrid, Espanya noong 1899. May salin ang akda sa wikang Filipino ni Teresita A. Alcantara sa aklat na may titulong *Memoria: Ang Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-1897, ang Naging Dahilan Kung Bakit Siya Ipinatapon sa Kastilyo ng Montjuich*. Sinimulang isinulat ni de los Reyes sa piitan ng Bilibid ang *Memoria* (kinilala sa maraming panulat ni de los Reyes ang pinaikling katawagan para tukuyin ang akdang ito) para sa mga alaala ng mga pang-aapi

sa mga Pilipino. Para maisakatuparan ang diseminasyon, itinago ang bahagi nito sa loob ng sapatos ng isa sa kanyang mga anak na si Jose, upang maipadala kay Kapitan Heneral Primo de Rivera (1870–1930) (Alcantara x). Maraming bilanggo ang ninais na pumirma sa naturang *Madamdaming Alaala*, ngunit pinili ni de los Reyes na panagutan munang mag-isa ito. Maraming kopya ang ipinakalat sa piitan; isa sa mga ito ang ibinigay kay Luis Viza, S.J., sa kapilya ng Bilibid, hanggang sa umabot sa Jesuit Archives sa Sant Cugat, Barcelona, sa Espanya (Mojares, “Brother of the Wild” 265). Sa kanyang paglaya sa Bilibid, muling isinulat sa wikang Tagalog ang ilang bahagi ng Memoria sa Malabon. Noong ipinatapon si de los Reyes sa Barcelona, binisita siya ni Ignacio Bo’y Singla, isang mamamahayag na Katalan, na ipinuslit ang ilang bahagi ng *Madamdaming Alalaala* sa iba’t ibang bahagi ng Espanya (268).

Ang *Madamdaming Alalaala* ay tungkol sa kalikasan, sanhi ng pag-iral, at mga miyembro ng Katipunan binuo ng mabababang uring manggagawa. Ang kanyang alaala, bagama’t pinasisinungalingan ang pagkakasangkot sa himagsikan, ay kinumbinsi ang pamahalaan na liwanagin ang maraming mga bagay ukol sa kapatiran. Bagama’t sinasabi ni de los Reyes na hindi siya kailanman napabilang sa samahan, komprehensibong idinetalye ang pangkalahatang sanhi ng rebolusyon batay sa mga kapwang nakakulong noon sa Bilibid: ang walang habas na pagtataas ng buwis sa lupain at punong-kahoy, pagtataas ng presyo sa mga produkto, pangangamkam ng mga minanang lupain ng mga Pilipino, di makataong pagtugis sa mga nangangahas na lumaban sa kanila sa pamamaraang legal (Alcantara 10-31), pagmamalupit sa mga katutubong pari, pangmamaliit sa mga ilustradong Pilipino, pagiging ugat ng mga eskandalo, at pagtutol sa pag-unlad ng bansa (6-9).

Ayon kay de los Reyes, mithiin ng rebolusyon na mapatalsik ang mga prayle, maibalik ang mga kinamkam na lupa, mapahintulutan ang partisipasyon ng mga Pilipino sa pamahalaan, at ang mapagkalooban ng politikal at ekonomikong pribilehiyong tulad ng Antilles (kung saan kabilang ang Cuba at Puerto Rico) (Alcantara 34-37). Buhat nito, ibinahaging sa panahon ng Espanyol na Gobernador Heneral Eulogio Despujol, ipinatapon si Rizal sa Dapitan, Zamboanga del Norte na nagdulot ng pagsilang ng pagmamahal at debosyon bilang Idolo ng Katipunan. Isinaisip ng mga miyembro ng Katipunan na katawanin nila ang pangangailangang “maging tulad ni Rizal” (77).

Bukod sa pinabulaanan ang pakikiisa sa Katipunan at pinatotohanan ang naging tunay na papel sa rebolusyon, ipinagdiin pa rin ni de los Reyes na sinalamin ng samahan ang diwa ng mahihirap. Dahilan ito kung bakit maituturing na hiwalay at natatangi ang Katipunan mula sa masoneriya at La Liga Filipina na mas nakakiling sa mga elit, konserbatibo, personal na interes, at kasalukuyang kalagayan. Nagbigay

ng interesanteng tala si de los Reyes hinggil sa sinaunang organisasyon ng Katipunan kung saan gumamit ng masonikong pormularyo, ngunit nilangkapan ng kultural na antas para sa mga manggagawa at magsasakang miyembro nito. Upang mapatunayan ito, inilarawan ni de los Reyes na maging ang mga ritwal ng pagiging miyembro kung saan may magtatanong na miyembro na ng Katipunan, at saka sasagutin ng pumapasok pa lamang na miyembro na hinatak ng kanyang padrino (Mojares, "Deploying Local Knowledge" 314).

Nagsagawa ng pag-ugat at pagdalumat si de los Reyes ng Katipunan at ng masoneriya. Isinagawa sa pamamagitan sa pagpapakilala ng mga pangunahing tauhan na tulad nina Andres Bonifacio at Emilio Aguinaldo, pagsasambit ng mga gawain ng mga repormista na anti-prayle, pagbabahagi ng buhay ni Rizal, at paglalahad ng mga pamamaraan ng mga Espanyol bilang tugon sa himagsikan. Hindi pinalampas ni de los Reyes maging ang pagdedetalye ng mga pagpapahirap sa loob ng kulungan, ang direktang pakikilahok diumano ng mga mismong prayle sa mga pagmamalabis na ito, at ang mga pagsisiwalat ng ilang mga pagsasalungatan noong himagsikan. Nagwakas si de los Reyes sa kanyang mga naging planong reporma bilang progresistang may radikal na kaisipan at natatanging ilustradong nakiisa sa mga layunin ng mahihirap na Katipunero: paglalagay ng kinatawan sa Spanish Cortes, pagpapairal ng Kodigo Penal at pag-alis sa pakikialam ng kura paroko sa mga konseho municipal at probinsyal, pinag-isang salaping umiiral sa Espanya at Pilipinas, at pabayaang maglingkod ang mga Pilipino sa mga puwertong Peninsular.

Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy

Maaaring maakses sa Biblioteca Digital Hispanica ang orihinal na kopya sa wikang Espanyol na pinamagatang *Apuntes para un ensayo de teodecea filipina* na inilathala ng Delegasyon Filipinas sa Europa, Madrid, Espanya noong 1899. May dalawang salin ito sa wikang Ingles: una, ang salin ni Anacleto de Roma, na pinamagatang *Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy: The Religion of the Katipunan which is the Religion of the Ancient Filipinos now being revived by the Association of the 'Sons of the Country' (KATIPUNAN), the Agitator of the Philippine Revolution (1980)*, na may paunang salita ni Esteban de Ocampo; at pangalawa, ang salin ni Joseph Martin Yap, na pinamagatang *The Religion of the Katipunan or the Old Beliefs of the Filipinos by Isabelo de los Reyes (1901)* na may paunang salita ni Ricardo Trota Jose. Isinulat ni de los Reyes ang obra sa magkakaibang tagpuan: sa piitan ng Bilibid, sa barkong patungong Espanya, at sa mismong Kastilyo ng Montjuich, Barcelona. Mahalagang itala na ang bersyon ng akdang ito na may salin ni de Roma ay naglalaman ng dedikasyon ni de los Reyes kay Emilio Aguinaldo bilang Pangulo ng Republikang Pilipinas, na tinawag pa niyang "pinakamakapangyarihang apostol ng Bathala."

May dalawang magkaugnay na tunguhin ang proyektong ito. Una, ang pagsisiyasat ng alternatibong relihiyon kung saan nais maiwaksi ang nananaig na Hispanisadong Katolisismo ng mga prayle. Ikalawa, ang pagtukoy ng mas kontekstuwalisadong diskursong magsisilbing Arkimedyanong punto ng kritisismo sa mga pagkukulang ng naturang Katolisismo, na gagabay sa mga mananampalataya na lumihis sa anino ng praylokrasya. Upang muling mahango ang sinauna at pristinong relihiyon ng mga Pilipino, ibinahagi ni de los Reyes ang tatlong mahahalagang metodolohikal na puntos: una, tanging mga Pilipino lamang ang nasa bentaheng panig upang masangkot sa proyekto na ito dahil maaaring maharap sa masasalimuot na pagsasalungatan kung dayuhan ang magsisimula nito. Ikalawa, narapat na maging maingat ang mga iskolar na Pilipino sa pagharap sa mga Espanyol at Kanluraning dokumentaryong sanggunian na hindi lamang sanhi ng nakaraang dahilan, bagkus ang tendensiya na manirang-puri at masamain ang kolonisadong kultura habang ipinagpupugay at ipinagdiriwang ang sariling Espanyol at Kanluraning kultura. Bukod dito, binigyang-diin ni de los Reyes na may tiyansa na sa proseso ng pakikipanayam sa mga katutubo ng ilang Espanyol, Kanluraning manunulat, at kronista, sinikap ng mga katutubong maikubli ang kanilang totoong sarili sa mga nasabing estrangherong dayuhan para maiwasan ang pang-aalipusta sa sagrado nilang pananampalataya (de los Reyes sa Yap, “The Religion of the Katipunan” 30). Ikatlo, nagbigay-babala si de los Reyes na magkakaiba ang “kapuruhan” ng mga sinaunang relihiyon sa Pilipinas. Ipinunto ni de los Reyes ang paninindigan na “mas puro” ang relihiyon ng mga sinaunang Pilipino sa kapatagan, kumpara sa mga relihiyon ng mga katutubo sa kabundukan sapagkat nahaluan na ng samu’t saring superstisyon ang mga ito (de los Reyes sa Yap, “The Religion of the Katipunan” 29).

Philippines Before Europe

Maaaring maakses sa Biblioteca Digital Hispanica ang mga isyu ng orihinal na kopya sa wikang Espanyol ng periyodikong *Filipinas ante Europa*. Tinatayang may 86 na isyu ang pahayagang ito mula Oktubre 25, 1899 hanggang Hunyo 10, 1901. Sa bahaging ito, nilikom ang ilang piling isyu sa periyodikong *Filipinas: Independencia y Revolucion* (*Philippines: Independence and Revolution*) na inilimbag sa Madrid, Espanya noong 1900. Sa kasalukuyan, matutunghayan lamang ang 33 na kopya sa digital issue mula sa mga taong 1899 hanggang 1901.

Bukod sa mga artikulong inambag ni de los Reyes na kapansin-pansin ang kontra-Amerikanong propaganda sa periyodikong *La Correspondencia de España*, mawawaring may kahalintulad na tema at diskurso ang paglunsad ng pahayagang ito kung saan katuwang na manunulat si Dominador Gomez. Dalawa ang malinaw na tunguhin ng periyodiko, ang makiisa ang mga Espanyol laban sa pananakop ng mga Amerikano at maibalik ang moral ng mga Pilipino. Maliwanag sa mga tema ng

Filipinas: Independencia y Revolucion ang pagsalungat ni de los Reyes sa pananakop ng mga Amerikano kung kaya naganap ang pagpuslit at paglathala ng mga isyu sa labas ng Pilipinas na dumaaan muna sa Hong Kong.

Mula kay William Henry Scott (1921–1993), isang historyador ng Gran Cordillera Central at pre-Hispanikong Pilipinas, ang periyodiko na naglalaman ng mga pahayag mula kay Rizal na pumukaw sa puso ng kalalaking bumalik mula sa digmaan (“A Minority Reaction to American Imperialism: Isabelo de los Reyes” 3). Maaari kang arestuhin sa pagkakaroon lamang ng kopya nito. Bukod dito, kinilala ang *Filipinas Ante Europa* bilang isang pahayagan na mas nakatanggap ng persekusyon mula sa mga Espanyol kumpara sa *La Solidaridad* (Garcia 44).

Sa tunguhing mailatag ang kontra-diskurso sa pananakop ng mga Amerikano, binuksan ni de los Reyes ang paksa hinggil sa nabigong intrusibong kampanya ng mga naturang dayuhan, ilang mga anti-Amerikanong personalidad, mga bukas na liham sa pagtutol sa pananakop (tulad ng pag-aalay ng dalawang binatang anak upang maging kabilang sa mga tropa ng heneral at paninindigan sa autonomiya kay Pangulong William McKinley) at ang mga Pilipinong Amerikanista, pagnanakaw ng katarungan sa pagpataw ng legal at nakapagtuturong sistemang Amerikano sa panlipunang edukasyon, at ang mga eskandalo sa korte ng Pilipinas dahil sa mga opisyal na iniluklok ng mga Amerikano. Sa layong maibalik ang kabutihang-loob ng mga mamamayan sa Pilipinas, nagkaroon ng *Madrid Comite Filipino* at isinulat ni de los Reyes ang mga sumusunod na paksa: ang kabutihang-loob ng Protestantismong hindi hamak na mas malapit sa diwang Pilipino, ang doktrina ni Hesus bilang manipestasyon ng sosyalismo at anarkismo, ang pag-iral ng Diyos sa yugto ng kanyang transisyon, ang hakbang tungo sa mas kagalang-galang na klerikong Pilipino, at ang makabagong pagbibihis at pag-aayos ng sarili. Matapos ang proklamasyon ng pagsuko ni Aguinaldo noong 1901, nagkawatak-watak ang nabuong komite at inilathala maging ang huling artikulo sa pahayagang minsang ipinaglaban ang mga Pilipino kontra sa mga imperyalistang mananakop.

The Redemption of the Laborer

Maaaring maakses sa Biblioteca Digital Hispanica ang mga isyu ng orihinal na kopya sa wikang Espanyol ng periyodikong *La Redencion del Obrero*, ang kauna-unahang pahayagang para sa paggawa. Hindi napigil si de los Reyes na pagtuunan ang mga isyu at usapin sa paggawa kahit pa nagbitiw na siya sa puwesto bilang pangulo ng UOD. Sinubukan pa rin niyang maglunsad ng pahayagang nagtagal lamang ng humigit-kumulang apat na buwan—mula Oktubre 8, 1903 hanggang sa natigil ang paglathala noong Pebrero 18, 1904. Pangkalahatang mithiin ng periyodiko ang maisakatuparan ang pag-uulat ng mga lokal at pandaigdigang kondisyon ng mga manggagawa, ilang panukalang sosyalistang lehislasyon, at

ang pagpapalawak ng anarkista na pangarap ng isang pangkalahatang kapatiran. Natatangi ang mga kontribusyon ni de los Reyes sapagkat kalakip nito ang mga pangaral sa mga naaangkop na kaugalian at pamumuhay ng isang manggagawa. Hindi lamang upang mabigyan ng papuri, bagkus maging karangalan sa kanyang lahi. Sa sandaling nabilanggo sa Espanya, pinagtuunan pa ng Ilokanong polimata ang pagbuhos ng saloobin hinggil sa pangarap na rebolusyon ng mahihirap at pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng panlipunang uri kung saan tinitingnan at itinuturing ang bawat isa “bilang mga kapatid”. Sa isang espesyal na isyu ng periyodikong *La Redencion del Obrero (The Redemption of the Laborer)*, naglaan ng espasyo si Hermenegildo Cruz (1880–1943) upang kilalanin si de los Reyes bilang unang pangulo ng unyon ng manggagawang Pilipino sa bansa.

Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church

Maaaring maakses sa University of Michigan Archives ang orihinal na kopya sa wikang Espanyol na pinamagatang *Doctrina y Reglas Constitucionales de la Iglesia Filipina Independiente*. Naglalaman ito ng mga pundamental na doktrina ng simbahan, ang konstitusyon ng Iglesia Filipina Independiente, at ang anim na Pundamental na Epistola. Mga payak na doktrinal na pahayag ang mga Epistola na inilathala na sa *La Iglesia Filipina Independiente* mula 1902 hanggang 1903. Sa paglalahad ng *Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church*, itinatag ang nagsasariling simbahang Piipino upang sambahin ang iisang Diyos at ang kapuruhan ng Kanyang Banal na Salita na minsang naimpluwensiyahan ng pagsalungat ng mga progresibong intelektuwal. Gayundin, ibinahagi na ang bagong simbahang ito ay may layuning mapalaya ang konsiyensiya mula sa lahat ng kontra-siyentipikong pagkakamali, eksaherasyon, at pag-aatubili. Sa malalimang pagsusuri ng doktrina, lumitaw ang lima na matitingkad na katangian ng nagsasariling simbahang itinatag ni de los Reyes: ang eklesiyastikal na kalikasan, ang pagtuon sa mga gawain at pag-unlad, ang pagtuon sa modernong agham at pagkatuto, ang nasyonalismo, at ang katolisismo. Pinagtuunang-pansin ang ilan sa mga dahilan ng pagkakatatag ng bagong simbahan: pakikipaglaban sa manipulasyon ng mga doktrina ng mga prayleng Espanyol, kakapusan sa diskurso ng nasyonalismo sa Katolisismo, at marhinalisasyon ng mga klerikong Pilipino.

The Tagalog Comedia

Maaaring maakses sa National Library of the Philippines at Pamantasang Ateneo de Manila ang mga isyu ng orihinal na kopya sa wikang Tagalog ang *Ang Comediang Tagalog*. Mahalagang tingnan ang pagbubukas ng perspektiba ni de los Reyes sa pamamagitan ng matinding kritisismo sa labis na pagtuligsa ng mga elit at itinuring na edukado sa kulturang popular katulad ng komedyang. Aniya, hindi maitatangging nagmula sa mga Espanyol ang “moro-moro,” isang anyo ng komedyang nagtatanghal ng katutubong drama batay sa tunggalian sa pagitan ng mga Kristiyano at Morong

Muslim (“Moro-moro”). Gayunman, winika ni de los Reyes na may maliwanag na pagkakaiba ang moro-moro ng mga Espanyol kumpara sa bersyong binuo ng mga Tagalog, bagay na maituturing na sariling atin. Lumalabas na may dalawang malinaw na mithiin ang proyekto ng Ilokanong polimata. Una, ang maipakita ang paraan ng pag-aangkop ng mga Pilipino upang maitanghal ang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga materyal na kinasangkapang batay sa sariling kaalaman at kakayahan, paglinang ng natatanging panlasa at pandama, pagkakaroon na bukod na paghiwatig at pagbigkas, at paglalangkap ng mga sinaunang kaugalian. Ikalawa, ang maitanghal na hindi nakatayo sa bentaheng panig ang pagkakaroon ng puro at orihinal na anyo ng sining. Hanga si de los Reyes sa komedyang dahil sa kalugod-lugod at kakatwang paghahalo ng opera, drama, at komedyang, isang bagay na hindi basta matatagpuan sa kahit na anong makabagong sarsuwela, na mas kinahihiligan ng mga edukado. Ipinunto ni de los Reyes na gayong tunay na naging “Tagalog” ang sarsuwelang Tagalog, nananalaytay pa rin ang mga elementong komedyang. Ikatlo, nilayon din ni de los Reyes ang magpanukala kung paano mas mapaiigi ang ating “moro-moro” gaya ng mga sumusunod: mapanatili ang lokal na tauhan kaakibat ang mga nilalamang kabutihang-loob, makagamit ng mga mas makabagong kagamitan sa entablado, magkaroon ng mas mainam na pagsasanay ang mga aktor at mga direktor, at makabuo ng mga metodong nakapagpayaman sa modernong Europeong teatro, pagpapakinis ng mga nasirang pakahulugan ng mga salita, at palitan ang katawagang “moro-moro,” sa halip tawagin itong “komedyang.” Pinahalagahan ng Ilokanong polimata ang pagbuo ng kulturang mula sa iba’t ibang sangkap upang makapaghain ng sariling putahe ng modernidad ang mga Pilipino.

MGA MATINGKAD NA TEMA AT DISKURSO MULA SA MGA AKDA NI DE LOS REYES

Sinikap ng mga may-akda ang malalimang pagbasa, estratehikong paglipon, at masusing pagsuri ng mga natukoy na obra upang matamo at maunawaan ang mga sumusunod na matitingkad na tema at diskurso tungkol sa: 1) Rebolusyong Pilipino laban sa mga Espanyol, 2) teodesiyang Pilipino at ang pangangailangang magtayo ng Simbahang Pilipino, 3) kritisismo sa pananakop ng mga Amerikano, 4) pagdepensa sa Kulturang Pilipino, 5) mga etika ng paggawa at mga halagahin para sa mga manggagawang Pilipino, 6) ilang paglilinaw sa kasaysayan, at 7) ilang kilalang personalidad na madalas banggitin sa mga akda.

Tungkol sa Rebolusyong Pilipino Laban sa mga Espanyol

Ikinulong si de los Reyes dulot ng pakikipagsabwatan sa rebolusyon laban sa Espanya kung saan pinagtuunang-panahon ang umuusbong na nasyon at ang pagkarimarim sanhi ng mga pang-aabuso ng mga prayle. Nakita itong oportunidad ni de los Reyes

upang sumulat, manaliksik, at kumilos tungkol sa madamdaming rebolusyon ng mga Pilipino. Malinaw na layunin ni de los Reyes ang pagtakda ng kanyang saklaw kahit pa nakapaglimbag na siya sa iba't ibang lugar kung saan nanganak nang nanganak ng samu't saring anyo. Pinasinayaan ang tungkol sa Rebolusyong Pilipino noong sulatan niya ng liham si Fernando Primo de Rivera (1831–1921) noong ika-25 ng Abril 1897: “Sa ngalan ng mga presong political sa lahat ng probinsya ng Filipinas, ito’y alaala ng isa sa kanila na naghain ng kaso sa Kagalang-galang na Ginoong Fernando Primo de Rivera, Gobernador at Kapitan Heneral ng Kapuluan” (Alcantara 1). Upang mapigilan ang napipintong rebolusyon, nanawagan si de los Reyes na patalsikin ang mga prayle, pabalikin ang mga kinamkam na lupa, pasalihin ang mga Pilipino sa mga usaping pampamahalaan, at pagkalooban ng politikal at ekonomikal na pagpaparaya (gaya ng Cuba at Puerto Rico), ngunit tila hindi naganap ang mga mungkahi at panawagan ng Ilokanong polimata.

Sa kabilang banda, sinikap din ni de los Reyes na bukas na maibahagi ang mga pamamaraan ng Katipunan upang mapagtagumpayan ang kanilang layunin—ang gumamit ng armas sa tuwing parurusahan ng gobyerno sapagkat “mangyari’y sa halip na pakinggan nito ang mga api, inaangkin ng mayayamang samahang panrelihiyon ang kanyang mga pandinig at tinatakot din sila nito ng pagsasarili” (Alcantara 6). Ibinahagi ni de los Reyes ang ilan sa mga idinaraing ng mga Pilipino laban sa mga prayle: pagtaas ng mga buwis sa lupain sa kabila ng mabigat na krisis pangkomersiyo at pang-agrikultura; pagdagdag-buwis para sa mga punong-kahoy na itinatanim ng mga umuupa; panloloko sa panukat sa paniningil ng buwis; pangangamkam ng mga lupaing minana pa ng mga Pilipino mula sa mga magulang; pagtugis sa sinomang nangahas na lumaban; pagpigil na mailibing kapag walang pambayad ang mahihirap; pangingialam sa mga bagay na pampamilya at pangmagkakapit-bahay; pagmamalupit sa mga katutubong pari; pagkiling sa mga prayleng Espanyol hinggil sa pagbibigay ng parokya; panlilibak sa batas at pamahalaan upang hindi kailanman maparusahan; pangmamaliit at pagtugis sa mga Pilipinong ilustrado; pagiging ugat ng eskandalo, bisyo, at kalokohan; at pagtutol sa pag-unlad ng bansa (Alcantara 6-9).

Ibinuhos ni de los Reyes ang sama ng loob dahil sa pakikisangkot ng mga prayle sa rebolusyon para magkaroon ng kaguluhan sa tunay na kalikasan nito: “Subalit ang mga fraile, na kinakatawan ng kilalang pari sa Tondo na si Fray Mariano Gil ay nakialam para sa kalunos-lunos na guluhin ang mga pangyayari. Nagkunwari silang natuklasan diumano ang samahan at nagawa nilang sirain ang tunay na katangian ng Katipunan” (Alcantara 10). Pinagbintangan nila na lumalaban ang Katipunan sa mga Espanyol sa halip na kontra lamang sa mga prayle, diumanong nagawa na lamang lumaban at lumantad ng Katipunan sapagkat nawalan na sila ng pag-asa. Pagdidiin ng mga Katipunero: “higit na mabuti pa raw ang mamatay na lumalaban

at mamundok kaysa mapatay ka nang walang sala sa kabukiran ng Bagong-bayan, o kaya'y panawan ka ng ulirat sa labis na pahirap sa loob ng kulungan" (11).

Pinangunahan ng mga prayle ang panlilinlang at pagkalito upang makuha ang oportunidad para sa sariling hangarin at ito ay ang maiwaksi ang makakapangyarihan at mulat sa lipunan: "ang layuning tuso at mapanlinlang ng mga fraile ay para magsamantala sa pagkakataon para mapabaril o maipatapon ang lahat ng taong mayayaman at may pinag-aralan" (Alcantara 11). Nagbunsod ang pangyayari sa planong mapigil ang pag-unlad at masupil ang mga Pilipino sa brutal na pamamaraan. Bunga ito ng hangaring maging natatanging may-ari at panginoon, marurunong at mayayaman, natatangi at makapangyarihan. Sa pamamaraang ito, napuno ang mga bilangguan ng mga walang kasalanan: "pinuno ng mga fraile ang lahat ng bilangguan sa kapuluan ng libo-libong mga inosente, o walang kasalanan. Ang lahat, halos ang lahat-lahat ng mga pangunahing ilustrado o kaya'y yaong may kaunting kahalagahan sa Filipinas, sa lahat ng lalawigan, kahit na yaong malalayo, ay mga nakulong na at nagdusa" (13).

Sa panahon ng pagkakulong ni de los Reyes habang isinusulat ang mga bagay na hinggil sa rebolusyon, binigyang-pasilip ang maging ang kasalukuyang kalagayan ng nasabing paghihimagsik. "Nasakop ng [Gobernador - Heneral José María Julián de Lachambre] ang Silang, Perez, Dasmariñas, Imus, Cavite Viejo, Bacoor, San Francisco, at Santa Cruz de Malabon, Rosario, ang mga baryo ng Noveleta at Binakayan. Sa kabuoan, walong bayan at dalawang baryo" (Alcantara 13). Paglilinaw ni de los Reyes, "...kung totoo na nabawi ito ng mga naghihimagsik, bukod sa ilang bayan pa sa Batangas, Laguna, Morong, Bulakan, at Maynila na mga nanatili sa kapangyarihan ng mga naghihimagsik" (13).

Ipinagmalaki ang karangalan sa Pilipinas bilang natatanging progresistang hinangaan dulot ng mga "radikal na elemento" sa Pilipinas. Marahil siya lamang diumano na ilustrado ang naiugnay at nakisimpatiya sa layunin ng mga kaawa-awang Katipunero (Mojares, "Deploying Local Knowledge" 313). Aniya, "Sa mga Pilipinong ilustrado o nakapag-aral, halos ako lamang ang nakiisa sa mga Katipunero, at kumilala sa kahalagahan ng Katipunan, nang makilala ko ang kanilang organisasyon. Sa kulungan, ako lamang ang tanging nagmula sa uring maykaya (barges) na nakipagkapatiran sa mahihirap at mangmang na mga Katipunero" (Alcantara 138). Gayong inalok si de los Reyes ng mga pari upang mamuno sa maka-Simbahang progresistang partido, hindi pa rin niya tinanggap sapagkat may mga kondisyon sa mga reporma na hindi pa rin niya lubos na matanggap. Bagamat tinanggap na lamang ang pagsasalin ng mga polyetong laban kay Rizal, minabuting gawing subersibo ang teksto sa pamamagitan ng saling magmumukhang katawata ang mga prayle na nagdulot upang patawan ng ekskomunikasyon. Isang

sarkastikong pahayag ang binitiwang ng Ilokanong polimata: “Wala nang ginawa si Padre [Jose] Rodriguez kundi ipagtanggol ang kapakinabangan ng relihiyon at ng Inyong kagalang-galang na Ilustrisima ay dapat na magkaloob din ng indulhensiya sa aking salin dahil sa palagay ko’y kasing karapat-dapat ito ng orihinal” (Alcantara 132).

Bilang paglalagom, bagama’t hindi naging bahagi ng Katipunan, kinuha rin ni de los Reyes ang pagkakataong ito upang magbigay ng mahalagang pagsisiwalat tungkol sa tunguhin ng himagsikan. Una, matutunghayan sa *Historia de Ilocos* ang mga nakagugulat na pagsisiwalat sa nakaraan ng mga prayle, bagay na tinutulan ng mga Relihiyoso hindi lamang sa Pilipinas, ngunit hanggang sa Espanya. Ikalawa, sa *Diario de Manila* na mismong maka-prayle, inilathala ang kuwento ng isang filibustero sa katauhan ni Isio. Ikatlo, sa *La Ilustracion Filipina*, inilantad ang mga “tradisyong kinakatawan ng prayle at ng Pilipinas na inaasam ang Kalayaan at kaunlaran” (Alcantara 132-33) Ikaapat, sa *La Lectura Popular* at *El Ilocano*, nangahas si de los Reyes na pasikatin ang pagkiling sa politika. Ikalima, sa *El Ilocano*, *La España Oriental*, *La Lectura Popular* at *La Ilustracion Filipina*, malawakang humingi ang mga artikulo ng “reporma ng kaunlaran at kapakinabangan sa Pilipinas” (132-33). Ikaanim, sa *El Diario*, *El Comercio*, *La Opinion*, at iba pang pahayagan sa Maynila, sinikap na sumulat hinggil “sa mga etnograpike, historiko, at folkloriko para maipakita ang kakayahan bilang lahi” sa mga may balak laitin ang mga kababayan (132-33).

Mababakas ang rebolusyonaryong kaisipan at katapangan ni de los Reyes na patuloy na inilathala sa iba’t ibang uri ng publikasyon kung kaya naging madali siyang naging puntirya ng mga nagsususpetsa at walang habas na pinaratangang may kaugnayan sa mga sesesyonista. Bagamat hindi kailanman naging bahagi ng Katipunan, halos dalawang beses na nakulong si de los Reyes nang walang paglilitis.

Ngunit, kailangang liwanagin na dahil sa kanyang limitasyon, tatlo sa mga pananaw ni de los Reyes ukol sa himagsikan ang hindi wasto: una, layunin lamang diumano ng Katipunan na wakasan ang paghahari-harian at patalsikin ang mga prayle sa Pilipinas; ikalawa, lumaganap lamang ang unang layuning ito sa Katagalugan; at ikatlo, tanging mga karaniwang indibidwal lamang ang mga kasapi kabilang na ang karamihang mabababang-uri. Sa kabilang banda, laganap na sa mga makabagong historikal na pag-aaral na sa nagdaang 50 na taon, mithiin ng Katipunan ang mga sumusunod: makabuo ng isang bansang nagsasarili at may sariling pagkakakilanlan (Richardson 11; Chua, “Ang Kaugnayan” 88-89); makapagtatag ng pambansang kasapian na hindi lamang sa Katagalugan, kundi maging sa Katimugan (Ambrosio mula kay Llanes, *Katipunan Isang Pambansang Kilusan* 334); at makabilang hindi lamang ang mga maralita, kundi maging ang mga lokal na prinsipalya at mga panginoong maylupa (Guerrero 164). Bagamat maaaring tukuyin na kung mga

ordinaryong Katipon lamang ang nakausap ni de los Reyes, posibleng walang kamalayan o nakaligtaan lamang ng ilan sa kanila ang tunay na kalikasan at layunin ng Katipunan.

Hindi naging wasto ang ilan sa mga detalyeng ito na isinulat niya ukol sa Katipunan dahil napag-alaman at isinulat lamang niya ang mga ito batay sa pakikipag-usap sa mga kapwa-presyo. Nagbunga lamang din ito dahil sa kanyang unang pakay na malaman at masuri ang aspektong espirituwal ng samahang Katipunan. Gayunman, mapagtatanto na kinakailangang liwanagin na ang mga pananaw ni de los Reyes bilang isang ilustrado at anti-klerikal ay nagbigay sa kanya ng limitasyon sa pagbasa sa tunay na layunin ng Katipunan.

Sa kabila ng rebolusyunaryong paksa ni de los Reyes, maituturing na isinulat ito ni de los Reyes bilang bahagi ng Kilusang Propaganda dahil ang *Memoria* ay inalay ng Ilokanong polimata kay Gobernador Heneral Primo de Rivera. Ibig sabihin, sinikap pa rin ni de los Reyes na maghain at magbigay ng reporma kumpara sa tahasang pagpapahayag na nais ng Katipunan na maging isang malayang bansa bagama't simpatetiko si de los Reyes sa mga miyembro nito. Ngunit sa kabila ng mga maliit na mga pagkukulang ng *Memoria*, maituturing pa ring isa talaga ito sa mga naunang akda na kinilala ang Himagsikang Pilipino hindi bilang isang payak na Pilipinong paghihimagsik (o revolt) lamang, bagkus isang tunay at mahalagang Pilipinong rebolusyon (o revolution).

Tungkol sa Teodesiyang Pilipino at ang Pangangailangang Magtayo ng Simbahang Pilipino

Upang maisulong ang mga prinsipyo ng Teodesiyang Pilipino, nagsimula si de los Reyes sa proposisyong “magkakatulad lamang ang lahat ng relihiyon, nakikita ang pagkakaiba-iba sa sari-saring wika at sistema. . . katulad ng moral, unibersal ang relihiyon” (de los Reyes, *The Religion of the Katipunan* 18, sariling salin). Isa sa mababanaag na tema sa mga obra ni de los Reyes hinggil sa katutubong relihiyong Pilipino ang pagsusumikap na maipakita sa mga mambabasa ang pag-iral ng katutubong monoteismong Pilipino. Gayunman, hindi ipinaliwanag ni de los Reyes sa *Apuntes para un Ensayo de Teodicea Filipina: la Religion del Katipunan (Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy)* na ang animismo at ang pagsamba sa kalikasan ng mga katutubong Pilipino ay may bahid ng liturhiya sa ngalan ng kapangyarihan at omnipresensiya ng isang tunay na Diyos na si Bathala (9, 31). Hindi gaanong pinagtuunan ang karamihan sa mga nabanggit na mga diwata ng Visayas, gayundin ang iba pang mga diyos ng Tagalog sa pamamagitan ng paghahalintulad ng mga ito sa mga Katolikong santo (27). Samakatuwid, dumating ang paninindigan ni de los Reyes sa lohikal na pahayag ang pag-iral ng katutuong monoteismong Pilipino na tinawag niyang “Bathalismo.”

Kinasangkapan ni de los Reyes ang kaisipan ng Etnolohistang Olandes na si George Alexander Wilken (1847–1891), isang mabuting kaibigan ng mas tanyag na Czech na iskolar na si Bluementritt para mas mabungkal ang identidad ni Bathala. Nagmula ang salitang “Bathala” sa Sanskrit na “bhattara,” na ang ibig sabihin “venerable” o “sir.” Idinetalye pa ni de los Reyes: “Marami sa mga tribong Malay. . . tinawag na ‘Bhattara Guru’ ang kanilang Diyos na mataas ding pangalan ng tanyag na Diyos na si ‘Cira’ ng mga Hindu. . . tinawag na ‘Mahatara’ ang nakatataas na Diyos ng mga Dayak ng Borneo na kontraksyon ng ‘Maha’ (malaki) and ‘Bhattara’ (Senor/Sir). Ang ‘Afuros’ ng Buru sinamba ang Diyos ng sea calle na si ‘Opo Lahatala’ na maaaring tapyasin ang ‘Opo’ (Senor/Sir) na tumutukoy sa mga ‘Apo’ ng mga Ilokano, at ‘Lathala’ na ang parehong Diyos na si ‘Mahatara’” (Yap 10, sariling salin). Ipinagdiin niya na ang “Bathala” ay ang payak na pangalang Sanskrit na may impluwensiya ng Bisayang “Laon,” “Dia,” “Sidipa,” at “Abba,” gayundin ang sa mga Ilokanong “Boni,” at sa mga Igorot na “Kabunian” (11). Nilinaw ni de los Reyes na ang Tagalog na “Maykapal” ay hindi aktwal na pangalan ng Bathala ngunit isang deskripsyon ng isa sa kanyang katangian dahil may payak na kahulugan ito na “tagapaglikha” (10).

Binawasan ni de los Reyes ang pagiging Diyos ng Bathala sa pamamagitan ng paghihiwalay ng konsepto ng paniniil o pagkaalipin alinsunod sa mapagpalayang ideolohiya ng Rebolusyon. “Samakatuwid, ang terminong ‘Bathala’ ay isang terminong kaakibat ang ideya ng kabaitan; isang terminong maaaring tumukoy sa Diyos, ang tagapaglikha o ang Dakilang Ama (43). Upang mapatunayan ang punto na espiritwal at respetableng relihiyon ang Bathalismo, pinalawak niya ang dokumentaryong ebidensya at sinimulang talakayin ang kaisipan ng Banal na Santatlo sang-ayon sa katutubong relihiyon. Ipinahayag ni de los Reyes na may tatlong mahahalagang katangian ang Bathala: “Eternal Love,” “Omnipotent Creator,” at “All-Knowing Providence.” Naaangkop ang mga katangiang ito sa Banal na Santatlo ng dogmang Katoliko Romano (10).

Batay sa isang palagay na may malapit na pag-uugnayan ang relihiyon at moralidad, aniya, ang relihiyon ay isang koda ng kaasalan na may kaugnayan sa relasyon sa Diyos, habang ang moralidad ay koda ng kaasalan na namamahala sa kilos natin bilang tao. Muling binuo ni de los Reyes ang moral na koda ng Bathalismo na mailalagom sa tatlong panuntunan: 1) manatiling mapagmahal at huwag kailanman manakit ng sinuman, 2) manatiling patas at huwag kailanman mang-abuso, at 3) magsumikap tungo sa kaganapan at ang unibersal na batas ng kaunlaran (97, 13-14). Bilang kaakibat ng relihiyon ang mga liturhiya at mga ritwal, hindi nabigo si de los Reyes na magsulat tungkol sa kaparian ng Bathalismo. Binuo ito ng lalaki at babae na katalona, ang beglan at ang babailan, na parehong lublob sa mga obra ng ebanghelisasyon, pagtuturo ng relihiyon at moralidad, at maging ang pagsisilbi sa mga katutubong medisina (34). Binigyang-pansin ni de los Reyes na ibang-iba

ang mga natukoy na lalaki at babaeng pari sa mga Espanyol na madre at prayleng nagpakasasa at inubos ang oras sa seklusyon at inaktibidad (34).

Napakaraming pinagtuunang-pansin si de los Reyes, hindi ipinalampas maging ang paggamit ng Espiritismo sa elaborasyon ng mga ideya tungkol sa relihiyong Pilipino. Habang naglalakbay sa Espanya si de los Reyes, naging interesado sa misteryong bumalot sa Espiritismo. Naging sandigan ni de los Reyes ang kaisipan ni Allan Kardec o ang kinilalang “Ama ng Espiritismong Pranses” dahil sa mga obrang hinggil sa nagsulat ng mga literatura hinggil sa kaluluwa, reinkarnasyon, espiritwal na ebolusyon, at komunikasyon sa mga espiritu. Naging kapaki-pakinabang sa Ilokanong polimata ang ideya ng mga Pranses kaugnay sa sariling ideya ng mga hindi kilalang pisikal na puwersang idinetalye sa animismong Malay at relihiyong Pilipino. Hindi pekulyar ang pagsipi ni de los Reyes dahil sinubukan niyang punan ang espiritismo sa pamamagitan ng siyentipikong batayan sa pananaliksik sa halusinasyon, telepatiko, at aparisyon (Mojares, “Producing Isabelo” 247). Maaari ding masaksihan ang pagiging katutubong entusiyastiko, iginiit na may ideya ang mga Pilipino sa paglikha (creation) na may “ganap na pagka-Darwinista.” Ayon kay de los Reyes, napalilibutan ng mga mineral at mga gulay ang Pilipinas na tila “may pagkakahawig sa mga anyong tao at anyong hayop” (Mojares, “Producing Isabelo” 346, sariling salin). Binanggit maging ang mga mito ng paglikha kung saan binalikan ang simula ng pagkakaroon ng buhay na nagmula sa kalupaan at katubigan kung saan sumibol ang mga halaman, nabuhay ang mga hayop, at nagmula ang mga unang tao. Idinagdag pa ni de los Reyes na may pagkakapareho ang paniniwala ng mga Ilokano at ng mga Pilipino, kung saan katangi-tanging inilarawang “may mga taga-bundok na may buntot” ang ilan sa kanila (346, sariling salin).

Sa pagkakataong ito, ipinakita ni de los Reyes ang pagbukas-pinto sa tradisyon samantalang gumagawa ng hakbang sa pagsasainstitusyon ng mga proyekto bilang pundamental na pilosopo ng Katipunan, teorista ng kilusang paggawa, at teolohiko ng bagong simbahan kung saan kinailangan ang kaayusan, pagkamaykatuwiran, at maging kapaki-pakinabang ang mga bulto-bultong datos na tutulak upang maging makabuluhang pundasyon ng nagsasariling institusyon ng mga relihiyoso. Malinaw sa mga *Apuntes para un Ensayo de Teodicea Filipina: la Religion del Katipunan* ang pangangapa at pagsugasog sa alternatibong relihiyon kung saan maaaring manahan ang mga Pilipinong sapilitang inimpluwensiyahan ng Hispanisadong Katolisismo ng mga prayle. Aniya, ang katotohanan ay nagbukas ng landas para bumalik ang mga Pilipino kay Bathala na siya ring Diyos ng mga Kristiyano, ngunit isinasamba ng may pinakabusilak na puso (Yap 81, sariling salin). Sa pagbukas ng sistema ng moralidad at relihiyon, tinalakay ni de los Reyes ang kahulugan ng dalawang naturang termino:

ang relihiyon ay itinuturing na moralidad sa antas ng kadakilaan, samakatuwid, sa tingin ko'y malapit ang ugnayan nito sa isa't isa. Ang relihiyon ay ang tuntunin ng kaugalian na may paggalang sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos, habang ang moralidad ay ang tuntunin ng kaugaliang namamahala sa ating mga kilos bilang tao. (97, sariling salin)

Naging malinaw na pamamaraan kay de los Reyes ang pagkalas ng kadena ng makapangyarihang ugnayan ng mga prayleng Espanyol at ng pamahalaang Espanyol sa pamamagitan ng paglantad ng kapangyarihan ng mga prayle bilang ugat ng sosyo-politikal at ekonomikong kanser ng kolonya. Gayunman, noong naninirahan sa Madrid nang ipinatapon doon, namukadkad ang mga dramatikong pangyayari sa Pilipinas na nagbunga ng inisyal na estratehiya sa kasanayan akademiko—ang pagdeklara ng kalayaan ng mga rebolusyonaryong Pilipino mula sa Espanya noong Hunyo 1898 at ang pagpanday sa Kasunduan sa Paris noong Disyembre ng taong iyon. Gayong natanggal na sa usapin ang kolonyal na gobyernong Espanyol, isang kakila-kilabot na triyadang kapangyarihang binuo ng simbahang Katoliko Romano, mga prayleng Espanyol, at ng pamahalaang Espanyol ang biglang natalaban ng kapangyarihan ng duweto ng simbahang Katoliko Romano at ng mga prayleng Espanyol. Ipinagpalagay na sekular na gobyerno ng presensiya ng bagong makapangyarihang kolonyal na Estados Unidos ng Amerika, ngunit naging predominanteng Protestante sa praktika, kaya naging mas bulnerable ang naturang duweto.

Sa puntong ito, kinailangang palitan ni de los Reyes ang estratehiya at nilayon ang pagbuwag ng makapangyarihang ugnayan ng dalawang duweto. Ito ang panahong sumapi ang Ilokanong polimata sa mas lumang kontrobersiyang tumuon sa mga prayleng Espanyol at ng mga klerikong Pilipino. Sa kaisipan ni de los Reyes at ng mga Pilipino noong panahong iyon, mas lohikal na maiwaksi sa panahon matapos ng pananakop ng Espanyol ang mga prayleng Espanyol na ilang taong naging mukha ng kolonisasyon. Datapwat noong nabigo ang Roma na maisip ang kahalagahan at kabisaan ng lohikang ito, kalaunang nagbigay-atensiyon na lamang si de los Reyes sa kritisismo sa mismong Katoliko Romano.

Sa talumpati ni de los Reyes noong ika-3 ng Agosto 1902, inilunsad ang IFI at binansagan ang Obispo bilang dakilang tagapagtanggol ng mga prayleng Espanyol at samakatuwid, ang dakilang kalaban ng mga mamamayang Pilipino (De Achutequi at Bernad 1: 183). Ang binuong pansamantalang sekta noong panahong nagbigay ng talumpati ay pagbibigay ng palugit sa Obispo upang muling maisaalang-alang ang naging pagtanging kumilos sa naging suliraning sangkot ang mga prayleng Espanyol. "Kung tinatanggap ng Santo Papa ang kanyang mga kamalian at ipagkaloob ang kanonikal na pagtalaga sa mga obispo, hinirang niya (sina Aglipay

at ang iba pa), na makikipag-ayos sa kanya; kung hindi man, kailangan nilang tumuloy nang wala siya” (De Achutequi at Bernad 1: 183, sariling salin). Sa kasamaang palad, nagbigay lamang ng manipesto ang Santo Papang si Leo XIII (1810–1903) na naglalaman ng publikasyon ng apostolikong konstitusyon na pinamagatang “Quae mari Sinico” na inilabas lamang sa Roma noong ika-17 ng Setyembre 1902, ngunit ipinalaganap lamang sa Pilipinas noong ika-8 ng Disyembre 1902. Minabuting mailatag ng dokumento ang mahabang solusyon para sa suliraning sangkot ang mga prayleng Espanyol, sa halip na agarang solusyunan ang naturang suliranin.

Sumulat si de los Reyes kay Gregorio Aglipay (1860–1940) sa ikaapat na pundamental na epistola: “ang unang hakbang ng paghihiwalay ay nagmula sa pinagsama-samang puwersang naipon sa loob ng maraming siglo; ngunit ang pangalawang hakbang, ang pagbuo ng bagong organisasyon, na mas kailangan ng kalakasan na loob, katatagan, katalinuhan, at mabuting kalooban” (“Fourth Fundamental Epistle” 118-19, sariling salin). Sa kontekstong ito binuo ni de los Reyes ang eklesiolohiya ng simbahang itinatag. Hindi masyadong masalimuot ang gawaing ito, dahilan na minsan nang ipinagbuklod ang identidad ng simbahang Katoliko Romano at ng mga prayleng Espanyol kung saan mayroong komprehensibong pagsusuri sa sinaunang simbahan. Ito ang magiging konseptuwal na pagtutuwid na magiging tamang daan sa kung paano bumuo ng mas mabuting eklesiyastikal na institusyon. Nakinita ni de los Reyes ang IFI bilang kongregasyon ng makabagong Pablo na nilisan ang relihiyosong pagkakamali ng sinaunang simbahan “na pinag-aralan ang mga turo ni Hesus, na hinahanap ang Diyos gamit ang makabagong agham, at sinasamba ang Diyos sa espiritu at sa katotohanan” (de los Reyes, *Catequesis* 2-3, sariling salin). Sa masuring pagbasa ng *Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine independent Church at Catechesis of the Independent Philippine Church*, maglalantad ito ng limang katangian ng bagong simbahan: ang eklesiyastikal na kalikasan, ang pagtuon sa mga gawain at pag-unlad, ang pagtuon sa modernong agham at pagkatuto, ang nasyonalismo, at ang katolisismo.

Sanhi ng bulto-bultong pagkaunsiyami sa mga prayleng Espanyol at Simbahang Katoliko na binalabalan ng mga kontra-klerikal na sentimento, liberal na ideolohiya, at kaisipang Protestanteng nalikom sa Espanya, nakita ni de los Reyes ang sinaunang simbahan bilang bagay na lumalala habang tumatagal. Samakatuwid, sa bagong simbahang itinatag, muling naghahangad na magagap ang pristinong diwa ng relihiyon. Sa parehong *Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church at Catechesis of the Independent Philippine Church*, ipinagdiin ang mga pangunahing rason kung bakit itinatag ang simbahan, “sa lahat ng kaluwalhatian nito, ang pagsamba sa nag-iisang Diyos at ang kadalisayan ng katotohanan na nasa ilalim ng paghahari ng obskurantismo ay nadumihan at nasira sa paraang pinakanakapagpapahina ng loob ng sinumang Kristiyano” (*Doctrina y Reglas* 5;

Catequesis 100, sariling salin). Kung sumalamin sa nakasusuyang Diyos para sa mga Pilipino ang mga pang-aabusong kagagawan ng kolonyal na simbahan, ipinokus ni de los Reyes sa bagong simbahan ang bagong bersyon ng Panalangin ng Panginoon kung saan tiningnan sa bagong lente ang kaharian ng Panginoon: “kaharian ng pag-ibig, katarungan, kabanalan, at kabutihan” (*Catequesis* 2, sariling salin). Winika pang pinuri ng mga sumusunod ang mga pagsisikap ng bagong simbahan upang labanan ang mga pagkakamali at pagtatangi ng sinaunang simbahan: ang mga arsobispo sa Paris, Antioquia, Switzerland, mga pari sa Espanya, Italya, at Amerika, at mga publikasyon ng Espanya Belgium, Alemanya Cuba, at Amerika (*Catequesis* 40-41, sariling salin).

Ang mga diskurso ng rebolusyon at nasyonalismo ang dalawa sa mabibigat na dahilan kung bakit sinisid ni de los Reyes ang kontrobersiya sa pagitan ng mga prayleng Espanyol at klerikong Pilipino. Malinaw ang opresyong panlahi at marhinalisasyon ng mga prayleng Espanyol sa mga klerikong Pilipino kaya lumiyab ang rebolusyon sa eksekusyon ng mga Pilipinong paring sina Mariano Gomez (1799–1872), Jose Burgos (1837–1872), at Jacinto Zamora (1835–1872). Hindi nakagugulat na ipinanatili ng bagong simbahan ang nasyonalistikong daing. Maliwanag na sinambit din ni de los Reyes ang isa sa mga pundasyon ng bagong simbahan: “naging layunin at patuloy na magiging tunguhin na mabuo at galanging muli ang klerikong Pilipino na naglaho ang lahat ng karapatan at katapatan dahil sa pananamantala at paninirang-dangal” (*Catequesis* 100, sariling salin). Mahihiwatig ang ugnayan ng nasabing nasyonalismo sa pagdakila ng bagong simbahan sa Kalayaan. Sa *Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine independent Church*, sinabi ni de los Reyes: “ang ginigising nitong kalayaan at katayugan ng mga ambisyon ang mga pangunahing elemento at makapangyarihang puwersa para sa ating kaluwalhatian, para sa kaunlaran, para sa agham, para sa sibilisasyon, at sa madaling salita, para sa ating pangkalahatang kaganapan” (20, sariling salin).

Datapwat maigting ang pagiging nasyonalistiko ng bagong simbahan dulot ng pagmamalaking kabilang ang salitang “Filipina” sa opisyal nitong pangalan, tiniyak ni de los Reyes na Katoliko at unibersal ang bagong simbahan. Ipinunto lamang ng “Filipina” ang katotohanang itinatag ng grupo ng mga Pilipino ang bagong simbahan sa pagpapasayang hindi ito pumapailalim sa anomang dayuhang kapangyarihan (*Doctrina y Reglas Constitucionales* 10). Nakabatay ang katolisismo at unibersalismo sa pundamental na prinsipyo: “isinasaalang-alang ang lahat nang walang pagtatangi bilang mga anak ng Diyos” (*Catequesis* 100, sariling salin). Bilang kinahinatnan ng katoliko at unibersal na paniniwala, isinagawa ni de los Reyes ang panghihikayat sa mga miyembro ng bagong simbahang aralin ang pinakamahuhusay na doktrina at praktika ng iba pang mga relihiyon (de los Reyes, *Catequesis* 100-01). May kamalayan si de los Reyes na malalim na nakapaloob ang

Katolisismo Romano sa sensibilidad ng Pilipino, kaya sinibukan niyang maging kawangis ng bagong simbahan ang sinaunang simbahan. Samakatuwid, isinulat niya sa *Doctrine and Constitutional Rules of the Philippine Independent Church*: “higit sa lahat, na hindi taliwas sa dalisay na Salita ng Diyos, kalikasan, agham at wastong katwiran, sinusunod natin ang parehong paniniwala gaya ng mga Romanista” (9, sariling salin).

Sa paghiraya ng bansa ni de los Reyes, mainam ding humiram ng rikado ng kultura at pananampalataya mula sa dayuhan, subalit nangangailangan lamang ng tamang sangkap upang umangkop sa pangangailangan at kapakanan ng sambayanang Pilipino.

Kritisismo sa Pananakop ng mga Amerikano

Buhat ng pananakop ng Espanyol ang sumunod pang dramatikong pangyayari sa kapaligirang pangkaisipan sa Pilipinas. Pumasok ang rebolusyon sa ikalawang yugto dahil sa pagsiklab ng digmaang Espanyol-Amerikano. Laban sa kaligiran ng digmaan ang de los Reyes na inatasang maging tagapayo ng publikasyon upang lumaban sa anti-Amerikanong puwersa (Mojares, “Brother of the Wild” 270). Buhat ng pakikiisa sa mga manggagawang uri at mahihirap, napagtanto ni de los Reyes ang patuloy na pagdagdag ng puwersa para sa grupong binuo para sa manggagawa. Nagtipon-tipon ang mga manggagawa ng Commercial Tobacco Factory sa Malabon (na pag-aari ng isang G. Moxon), inorganisa ni de los Reyes ang mga rally sa Maynila at mga kalapit-bayan. Pansamantalang pinagbantaan niya ang malalaking negosyo ng mga Amerikanong nagdagsaan sa bansa kaakibat ng pananakop ng militar. Alinsunod dito binansagan si de los Reyes bilang “rebelde, isang hindi mapagkakatiwalaan at mapaminsalang taga-udyok” (Llanes, “The Life of Senator Isabelo de los Reyes” 16, sariling salin). Sinikap na patahimikin ng mga Amerikano si de los Reyes at ang mga tagasunod sa pamamagitan ng bantang ipakukulong silang lahat, gayunman hindi natinag ang Ilokanong polimata.

Kapag babagtasing muli ang mga diskurso ni de los Reyes sa panahong ito, matutunghayan ang pinakamatatayang na kritisismo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga lathalain, kung saan binalaang mananagot ang Pangulong William McKinley sa pagkamatay ng mga Pilipino kung sapilitang aangkinin ng Estados Unidos ang Pilipinas (Labiste 34). Bilang marahas na resulta, ang mga kopya ng mga pahayagang lumaganap na tumalakay laban sa mga Amerikano ang sapilitang kinumpiska at sinunog ng mga puwersa ng Estados Unidos, samantalang dinakip naman ang mga nahuling nagtatago ng ilan pang mga kopya nito. Noong mga panahong ito, inisip ni de los Reyes na susubuking unahin ng Estados Unidos ang pananakop sa bansa bilang tanyag sila sa pagiging industriyal na dambuhala bago maging imperyalista. Gayunman, tinanggihan pa rin ang permiso sa aplikasyon para sa publikasyon dahil sa “subersyon” noong umuwi ang Ilokanong polimata mula sa Espanya (35).

Ilan sa matitingkad na tema ng samu't saring balita ni de los Reyes ang hinggil kay Emilio Aguinaldo at sa mga Pilipinong bayani, mga pag-atake laban sa mga prayle at mga maka-Amerikanong Pilipino, maalab na pagtuligsa sa Estados Unidos, at ang propaganda sa mga “tagumpay” ng mga mamamayang Pilipino sa larangan. Dahilan ang pagpuslit palabas ng Pilipinas at lihim na pagpapakalat ng mga kopya nito sa loob ng bansa, dinakip at pinagmumulta ng mga awtoridad na Amerikano si de los Reyes. Humingi ng tulong si de los Reyes kay T.H. Pardo de Tavera (1857–1925) na may malakas na impluwensiya sa mga Amerikano kaya ginawaran ng pardon noong sumunod na taon (Mojares, “Brother of the Wild” 272). Sa pagsisimula ng artikulong naging kontribusyon ni de los Reyes hinggil sa kritisismo laban sa pananakop ng mga Amerikano, matutunghayang hindi lagi’t laging nagtatagumpay sa umpisa maging ang dambuhalang imperyalista. Una, sa loob ng anim na buwan, nanindigan ang mga Pilipinong hindi sila kailanman matutugis kapag hindi pahihintulutan ang disarmamento (de los Reyes, *Filipinos ante Europa* 3). Dahilan nito ang pinagpipilitang lunas kung saan inilatag ang isang panukalang magkaroon ng autonomiya sa hukbo ng Pilipinas.

Ikalawa, isa pang nakitang suliranin ng mga Amerikano ang pananatili ng mga prayleng hindi maatim ang mga Pilipino, gayundin ang mga Amerikanista. Naging balakid maging ang Kasunduan sa Paris kung saan nakapaloob ang paggarantiya ng Estados Unidos sa pagmamay-ari ng mga indibidwal at ng mga korporasyon, kabilang ang mga prayleng Espanyol. Pinatingkad pa ang isyu ng ang kasalukuyang digmaan sa pagitan ng mga Yankee at ng mga Pilipino ang bunga ng samu't saring pang-aabuso ng mga prayle. Sa kabilang dako, isinisisi ang mga asasinasyon at ang mga pasabog na kagagawan ng mga Amerikano (de los Reyes, *Filipinos ante Europa* 3-4).

Ikatlo, isang pagsubok din sa mga Amerikano ang mga mamamayang Tsinong kinailangang maiwaksi mula sa republika, ngunit pinaniwalaang mahirap mapatalsik alinsunod sa mga salita ng noong yumaong Amerikanong Konsul sa Hongkong na si G. R. Wildman. Tinukoy ang “mga Tsinong halos hubad dahil sa hindi gaanong marami ang pangangailangan’ ngunit hindi sila patatalo sa kompetisyon sa negosyo dahil sa kamurahan ng mga produktong napakasama ng pagkakagawa at counterfeit ng mga orihinal na produkto” (de los Reyes, *Filipinos ante Europa* 4, sariling salin).

Ikaapat, isang suliranin sa mga Amerikano ang kaakibat na responsibilidad ng pananakop. Tatanggapin ba ng Estados Unidos ang mga pagkakautang ng Pilipinas sa ilalim ng gobyernong Aguinaldo. Kapag tatalikuran ng mga imperyalistang Amerikano ang responsibilidad na ito, ang mga may hawak na maliliit na kapitalistang Pilipino ang makakalaban nila na tututol sa anomang uri ng kapayapaan. Kapag

tinanggap ng mga imperyalistang Amerikano ang nasabing responsibilidad, mas lalong magiging dambuhala ang sakripisyong ito dulot ng mangyayaring digmaan. Sa oras ng kapayapaan, sinusuportahan ng Departamento ng Digmaan ng Estados Unidos ang militar (na binubuo ng 20,000 sundalo) at umaabot ng higit sa 356 na milyon kada-taon ang gastusin. Magkano na kaya ang aabutin at paano makapagbibigay ng pensiyon kapag dinagdagan pa ng 65,000 na sundalo (de los Reyes, *Filipinas Ante Europa* 4). Samakatuwid, magiging permanente ang pagkakaibigan ng Pilipinas at Hilagang Amerika. Datapwat kung maisasakatuparan ng Estados Unidos ang pagpataw ng soberanya, magtatagal lamang ito hanggang sa isang digmaan bilang isang makapangyarihang nasyon. Higit na oportunidad ito para sa mga Pilipino upang matuloy ang unang okasyon ng rebolusyon laban sa kanila (de los Reyes, *Filipinas Ante Europa* 4).

Kalaunan, nagpasya ang Estados Unidos magbigay-daan, nakumbinsi ang mga imperyalistang Amerikanong walang kahihinatnan at mapagtatagumpayan ang paggamit ng mga armas at sundalo. Sa sumunod na araw, inilathala ng palimbagan ang telegrama mula sa Washington na naghayag ang Heneral Elwell Stephen Otis (1838–1909) sa Pangulong Aguinaldo na ituturing na mga mamamayan ng Hilagang Amerika ang lahat ng Pilipino, kikalalanin ang mga bubuoin niyang dekrito at mga pinunong itatalaga. Ipinangakong hindi na kailanman maluluklok ang mga prayleng Espanyol sa mga parokya at diyosesis sa Pilipinas (de los Reyes, *Filipinas Ante Europa* 14). Para kay de los Reyes, isa itong kahangalan kapag bukas-pintong tatanggapin. Sa halip na pasalamatan ang diumanong mabubuting intensyon sa panig ng Estados Unidos, maaaring tingnan ito sa lente ng kanilang kahinaaan. Sa ganang ito, masasabing sa halip na maputol ang tali ng himagsikan, “magluluwal ito ng mga bagong pinuno at maluwalhating mamumuno sa madugong digmaan, gaya na lamang ng naganap sa Kasunduan sa Biyak-na-Bato kung saan hindi ninais na panatilihin ng mga Pilipinong heneral tulad nina Malvar, Makabulos, paring Dandan, at iba pa” (de los Reyes, *Filipinas Ante Europa* 14, sariling salin). Nangako si Aguinaldo na ipagtatanggol ang Kalayaan, kaya hindi nagdalawang-isip na ibinasura ang panukala kaakibat ng kanyang dignidad. Inihalintulad ni de los Reyes ang areglo sa pagluluto ng isang putahe. Kapag naisakatuparan ang paghahain nito, isang malaking digmaang sibil ang magaganap. Hindi maitatwa ang pagbangon ng mga mamamayan upang patayin ang mga sangkot na tagapagluto (14). Samakatuwid, nagsasarili ang mga mamamayan ng Pilipinas sa pamamahala ng sariling tahanan alinsunod sa matapat na kabatiran at pagkakaunawa, instrumental lamang ang Estados Unidos sa pagkakaroon ng interbensyon upang matiyak ang purong garantiyang may internal na kaayusan sa kapwa-bansang tulad ng Pilipinas.

Sa huli, masasabing isang “paghihimagsik” ang tatak ng pamamahayag ni de los Reyes sa panahon ng mga Amerikano batay sa dalawang matitingkad na salaysay

sa kasaysayan: Una, mas nakita bilang paglaban sa halip na pakikidigma ang armadong pagtutol ng mga Pilipino sa mga Amerikano mula 1898 hanggang 1904. Sa konteksto ng pananakop ng Estados Unidos, ang implikasyon ng insureksyon at insurhensiya ay pag-iral ng naghahari at lehitimong awtoridad na may banta ng rebelyon sa mga nasasakupan. Naging instrumental ang pamamahayag ni de los Reyes upang maiwaksi ang imperyalismo sa Pilipinas (Labiste 35). Ikalawa, ang rebolusyonaryong pamamahayag ay pagkilala sa mga balakid ng puwersa at gahum ng espasyong pinatatakbo nito, gayundin ang magkakasabay na pagtingin sa penomena ng paglaban na nakapaloob sa espasyong ito (Mulhmann 120).

Ang paggigiit ng kasarinlan sa kabila ng panghihimasok ng dayuhan ay tatak ng paghiraya sa bansa ng Ilokanong polimata.

Pagdepensa sa Kulturang Pilipino

Isang hindi inaasahang bagay ang katotohanang hindi gaanong kinilala ang adaptasyon ni de los Reyes sa obrang *Aida* ni Guiseppe Verdi sa kasaysayan ng pampanitikang Pilipino. Bilang isa sa mga unang eksperimento sa teatro ng isang Pilipino, isa itong mahalagang pakikisangkot sa debate ng komedyang noong taong 1880s, isang kontrobersiyang nabalot ng lumalawak na kolonyal at anti-kolonyal na debate sa mental at moral na kakayahan ng mga katutubo sa Pilipinas (Mojares, "Ilocanizing Verdi" 186). Nagsimula ang debate dahil sa serye ng mga artikulo sa Barcelona, Espanya sa paglathala ng *The Artistic Illustration* (1888) ni Vicente Barrenes, isang Espanyol na akademikong nagsilbing mataas na kolonyal na opisyal sa Pilipinas. Sa mga seryeng ito, winika na katibayan ng kawalang-katururan at kababaang uri ng panggagaya ang teatrang Tagalog: "Sa pagbanggit sa komedyang binigyang-kritisismo ang lokal na teatro bilang kaawa-awa at masasamang imitasyon ng mga dayuhang modelong may kakulangang potensyal na intelektuwal ... iginiit niya na pag-aaksaya ng oras ang maghanap ng patunay na may 'isang maayos na teatro' ang katutubong lipunang Pilipino" (Mojares, "Isabelo's Archive" 186, sariling salin).

Unang dinepensahan ni de los Reyes ang komedyang *History of Ilocos*. Sinabi ni de los Reyes na malayo ito sa pagiging lihis o eksotiko, datapuwat pangkalahatang isinakatutubo at nagpapamalas ng artistikong halagahin ang komedyang Tagalog na maaaring makumpara sa mga dakilang panitikan sa mundo. Gayong ipinakilala ng mga Espanyol ang mga elemento ng "romance," hinalaw naman ang lahat na may kakaibang hulma (*sui generis*) at may natatanging komposisyon (*composicion singular*) (de los Reyes, *History of Ilocos* 116). Hindi lamang ito labis na pagiging makabayan, bagkus kinalawkaw ang anyo ng komedyang mula sa espesipikong pinanggalingan sa pamamagitan ng pagtukoy ng pandaigdigang tungkulin nito, nakitang maaaring makipagsabayan ang mga katangian ng komedyang makatang

Ingles na si Shakespeare at sa klasikong makatang Indiyang si Kalidasa. Hindi niya ninais na maging subersibo datapwat nilayon na maiwaksi sa kaisipang pagmamay-ari lamang ng mga Espanyol, Pranses, at ng iba pang Kanluraning bansa ang larangan ng komedya (Mojares, "Ilocanizing Verdi" 188).

Sa parehong paraan, isinulong ni de los Reyes ang lokalisasyon ng komedya sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga elemento ng banghay ng komedya (tulad ng mga kaharian, husgadong maharlika, at relihiyosong digmaan) na maaaring matagpuan sa Pilipinas. May mga tauhan itong katulad ng kaibigan ng prinsipeng na tinawag ng mga Pilipino bilang "bulbulagao" (payaso o clown). Magiging gumaganap ang mga hari at mga prinsipeng "katulad ng mga bagani Manobo ng Mindanao." Hawig din ang mga prosesyonal na pagmartsa gaya ng kaayusan ng mga Igorot kapag naglalakad sila. Gayong marami sa mga elemento ng komedya ang tila may sangkap ng Europeo o eksotiko, matingkad na lumilitaw ang panlasa ng lokal na kasaysayan at tradisyon sa mga "digmaan, paraan ng pakikipagniig sa Ilokano, mga pang-aakit, at mga kabalighuan" (Mojares, "Ilocanizing Verdi" 188, sariling salin). Pinahalagahan ni de los Reyes ang pagkakaroon ng sariling kultura sa komedyang produkto ng pinagsama-samang elementong maaaring ituring na sariling atin.

Gayong pinagtibay ni de los Reyes ang kaibahan ng komedya sa pinagmulang batis at lumabas ang pagiging "tunay na sariling atin," hindi maikakailang hindi gaanong napaliwanag ng Ilokano ng polimata kung paano ito naging tunay na sariling atin. Gayunman, binanggit niya ang paglalangkap ng mga lokal na materyal at paglinang ng natatanging estilo at sensibilidad sa pamamagitan ng pagkakaayos ng mga pagpapahiwatig, pagsasatono, at paggamit ng mga lokal na paraan ng panliligaw at pagluluksa. Itinirik ni de los Reyes ang paghahambing ng pagbalangkas ng mga Espanyol sa pagguhit ng bangka, ngunit bumuo ang mga Tagalog ng sariling bersiyon sa pamamagitan ng paggamit ng lokal na mga materyal sang-ayon sa kanilang sariling katalinuhan at pamamaraan. Ipinagdiin ni de los Reyes na "hindi lamang sa panlabas masusukat ang halagahin at pagkapuro ng anyo bagkus higit na matutunghayan sa panloob na diwa nito ("los verdaderos espíritus")" (de los Reyes, *Comediang Tagalog* 3, 16, 48).

Nakaposisyon si de los Reyes sa pagtanggap ng prinsipyo ng artistikong katotohanang hindi nararapat bigyang-bentahe ang orihinal na anyo nito. Pinuri niya ang komedya sapagkat nananalaytay rito ang nakawiwili at nakauusyosong halo (*mezcla curiosísima*) ng opera, drama, at komedya isang paghahalong hindi basta lamang matutunghayan sa sarsuwela, ang anyong mas kinilingan ng mga elit at edukado. Hindi nararapat na managhoy sa itinuring na adulterasyon dahil kapag may ginaya ang mga Tagalog mula sa Hapon katulad ng pananamit, magbibihis sila alinsunod sa sariling kaugalian at nosyon kung paano maging tao (de los Reyes, *Comediang Tagalog* 15-18). Hindi nilayon ni de los Reyes na gawing museo ang mga kultural

na anyo, bagkus nagbigay ng mga bagay na maaaring mapaigi at mapayabong ang komedya. Aniya, kinakailangang mamintini ang katangian ng Pilipino at mapanatili ang mga natatanging birtud bilang genre katulad ng tono at ang paggamit ng mga elementong nakamamangha. Kinakailangan din ang renobasyon sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya, mas matitinding pagsasanay sa mga aktor at direktor, at paglalangkap ng mga metodong naging kapaki-pakinabang sa mga makabagong Europeong teatro: pag-iwas sa mga bulgar na paghahalo ng mga elemento, pagdadagdag ng mga walang-kabuluhang eksena, at paggamit ng malalaswa at barumbadong pagkilos at pananalita. Buhat nito, hindi ipinalampas ni de los Reyes ang paghayag ng mga pagpapainam na makabayan: “linisin ang mga hindi kaaya-ayang Hispanismo; bigyan ng lokal na heograpikong pangalan ang mga kakaiba at kathang-isip na tagpuan; ipakilala ang mga dating Pilipinong kaugalian; at alisin ang katawagang ‘moro-moro’ dahil likha ito ng Tagalog, hindi ng Muslim” (Mojares, “Ilocanizing Verdi” 196, sariling salin).

Bahagi ng yugto ng transisyon ang pagdepensa sa kulturang Pilipino sapagkat napagtanto sa panahong ito ang kalakasan ng komedya bilang produkto ng kulturang sariling bersiyon ng Pilipinong modernidad. Ipinagdiin ni de los Reyes na “ang komedya... ay mas mataas kumpara sa mga Kanluraning libangan tulad ng can-can, pantomima, at iba pang ‘mga kalokohan’ na nasaksihan noong bumisita sa Regent’s Park sa central London” (Mojares, “Ilocanizing Verdi” 196, sariling salin). Tumindig si de los Reyes bilang iskolar na kinakailangan ng maingat na pag-aaral ng komedya. Nagawa pang humanga ni de los Reyes sa mga iskolar ng mga “sinaunang kausisaan” (o sa mga oryentalista) dahil sa marubdob na pananaliksik hinggil sa komedya. Aniya, nanood siya mismo ng mga pagtatanghal ng komedya at nakapagbasa ng ilang metrikal na romansa (romances o *aleluyas antiguas*) sa wikang Espanyol at maging sa mga lokal na wika. Pinaulanan ni de los Reyes ng kritisismo ang mga elit at edukado dahil sa pagkiling laban sa popular na kultura. Sinariwa ang winika ni Jose Felipe Del Pan sa kabataang manunulat noong 1880s, “huwag ninyong isiping mangmang ang lahat ng mga mambabasa dahil ang mga itinuturing nating mangmang ang kadalasan mas marami pang kaalaman kumpara sa atin, sila ang kinakailangan nating pagtuunan at irespeto” (de los Reyes, *Comediang Tagalog* 38-39).

Maaaring naging preskriptibo si de los Reyes dahil sa mga pinanindigang perspektiba kung paano mapaiinam ang lokal na teatro, ngunit buong-pusong pinagkatiwalaan ng Ilokanong polimata ang kakayahang makabatid at makaalam ng mga Pilipino. Aniya, sapat na ang katotohanang naituring na popular at nakaugat sa kultura ang komedya upang sumalamin sa mga halagahin at pagkakakilanlan sa kung ano at sino ang Pilipino. Mula rito, masasabing upang tunay na mabuo ang hinirayang bansa, kailangang mabuo ang sariling pagkakakilanlan.

Tungkol sa mga Etika ng Paggawa at mga Halagahin Para sa mga Manggagawang Pilipino

Noong ika-1 ng Enero 1902, nilapitan si de los Reyes ng grupo ng mga litograpo para tulungan silang gumawa ng desenteng kooperatibang tindahan ng bigas at ng iba pang pangunahing produkto. Hindi na siya estranghero sa samahan ng mga naglalathala. Bilang may-ari ng palimbagan bago ang rebolusyon, bahagi siya ng isang kapatiran na binuo hindi lamang ng mga kompositor, mga tagapaglimbag, mga enkuwadernador, mga karpentero, mga manlililok, at mga nagtatrabaho sa pabrika. Sa halip na magtayo ng isang sari-sari store, kinumbinsi ni de los Reyes ang mga bisitang manggagawa na bumuo ng federasyon ng mga manggagawa. Winika ni de los Reyes: “sinamantala kong maisapraktika ang magagandang ideyang natutunan ko mula sa mga anarkista ng Barcelona na nakasama ko sa kulungan ng tanyag na Kastilyo ng Montjuich” (Mojares, “Brother of the Wild” 278, sariling salin). Sa pangatlong pagkakataong pagkakulong noon ni de los Reyes, hindi lingid sa kaalaman ang pagkakapiit ng Ilokanong polimata sa piling ng mga anarkista, radikal, at iba pang mga ekstremistang nagturo hindi lamang hinggil sa pakikipagbuno ng mga panlipunang uri, bagkus mga aralin sa etika ng paggawa at halagahin para sa mga manggagawang Pilipino.

Batid ni de los Reyes na pundamental ang magbahagi ng mga katangiang ito upang makamit ang kaganapan ng isang mabuting manggagawa. Sa isang pulong ng mga manggagawa, nagturo ang Ilokanong polimata ng mahalagang paalaala hinggil sa kasipagan: “ngunit ako’y walang naaalaman kundi ang alam na ninyong lahat, gayon ma’y dapat kong ipaalaala sa inyo, na ang lalong ikabubuti at ikagiginhawa ng mga manggagawa ay walang iba kundi ang kasipagan sapagkat siya lamang ang tunay na makapagbibigay ng lahat ng inyong kailangan at ikagiginhawa” (de los Reyes, “La Redencion del Obrero” 27). Buhat nito, sinambit din ang kapangyarihan ng karunungan at kabaitan sa oras na makahanap ng trabaho, kaakibat ng pagpapaigi ng anomang gawaing iniatas: “ang tunay na carunungan at cabaitan ng mga manggagawa ay ang kanyang pagsusumikap na humanap ng trabajo, at kung makatagpo ma’y dapat naman pagbutihin upang tunay na mapakinabangan” (27). Alinsunod dito, binigyang-diin na walang kahihinatnang mabuti ang katamaran datapwat maaari pang magluwal ng tatlong masasamang kaugalian: “Ang tawong tamad ay walang mabuti na sasapitin; mawili na mawili sa katamaran at tuloy makaisip ng mga vicio, pagdaraya, at pagnanakaw” (27).

Sa usapin ng pagsusugal, sinabi ni de los Reyes na walang kasiguraduhan dito datapwat mas may kauukulan ang maaaksayang pinagpaguran: “Dapat nating layuan ang mga sugal at tunay na walang maibibigay na mabuti kung di sukat doon masasayang sa isang pikit mata’y ang inyong pinaghihirapan ng isang buong

lingo, isang buan, o maraming taon” (27). Kasunod nito ang pagbanggit kung sino ang primerang makararanas ng paghihirap kundi mahihinto ito: “Doon masasayang ang salapi na totoong kinakailangan ng mga inyong kawawang asawa at anak” (27). Buhat nito, lalong ipinagdiinan ni de los Reyes na higit sa lahat na layuan ang pandaraya at pagnanakaw dahil isa itong malaking kahihyan sa lahi: “Ano ang masasapit sa pagdaraya at pagnanakaw ng walang kabuluhan? Walang iba kun di ang pagkapiit at pag-aalis ng inyong puri, at alam na ninyo na ang puri ay siyang unang una na kayamanan ng mababait na manggagawa” (27). Upang maging kongkreto sa ipinupunto, naglahad ng halimbawa ang Ilokanong polimata sa isang sirkumstansiya sa Europa:

Sa Europa at iba pang mga bayan na may turo, sa paglilipat ng bahay at mga kasangkapan, ay maniuala kayo na ualang mauala maski man isang butyl at kung doon kayo at tatawag ng isang cargador sa daanan ay mayroon kayong ipadadala saan man... . Gayunman, huwag sanang isiping walang magnanakaw sa ibang bansa sapagkat naroroon pa rin ang mapangahas na magnanakaw. Kapag magnanakaw man, pihadong malaking halaga ang sisimutin upang makapantay sa malaking parusa tatanggapin kung sakali't mahuhuli sila. (27)

Sa kaso ng panahong kinagagalawan ni de los Reyes, nagbigay ng halimbawa sa sitwasyon sa bansa kung saan mas pinipiling pagkatiwalaan ng mismong mga kababayan ang dayuhan: “Nakikita na ninyo na pati ang manga kababayan na taga provincial, kung dadating sila rito, o kung lumipat ng bahay, ay hinahanap na nila ang mga insik dahil sa natatakot sa ating mga caragdor na tagalog, dahil sa pagdaraya at pagloloko sa kapua at kababayan nila” (“La Redencion del Obrero” 27). Gaano man ang naging pagsasalungatan ng kapwa-ilustrado, sinikap na sumipi dahil naaayon ang kaisipan sa nais niyang ipabatid: “Nguni’t gaya ng sinasabi ng ginigiliw nating Dr. Rizal: ‘ang masasamang ugali ay dapat natin na ipakilala upang maputol agad,’ sapagkat kung tatakpan natin, ay hindi na mauubos at ito’y lalong makakasama sa atin” (27). Nilinaw ni de los Reyes na hindi niya layuning mang-alipusta o bigyan ng mababang pagtingin ang mga kababayang naghahanapbuhay, bagkus mainam na manggaling na sa kapwa-Pilipino ang mga kaugaliang hindi naaayon sa tungkulin. Pagdadagdag pa, kinakailangan ding putulin maging ang mga pang-iisa o pandaraya sa mga kontrata o kasunduan hinggil sa anomang trabaho. Samakatuwid, kadalasan sa mga manggagawa ang tumatanggap ng anumang bagay sa murang halaga, tumitigil o iiwanang hindi tapos ang gawa, o tatapusang may halong pandaraya.

Aniya, walang mabuting mangyayari sa pandaraya at higit na nakasasama sa nakararami. Higit na mapagtatanto na ang yugto ng transisyon ang naglaan ng

espasyo sa kaisipan ni de los Reyes upang magluwal ng mga pangmatagalang aralin sa sosyalismo, maging ang mga pamamaraan at kaugalian ng anarkismo at komunismo: “Sapagka’t kung mayroon sana silang mabuting pagkakapatid at matanto sana nila na ang ikabubuti ng isa, ay siyang ikabubuti nilang lahat, ay wala na iyan inaling pag-aagawan ng trabaho o gawa” (27). Tunay ngang noon pa man kinakitaan na ng kahusayan ang mga Tsino sapagkat ang sinomang “tinatanggihan ng isa dahil sa kamurahan ay tatanggihan na nilang lahat” (27). Dito nag-iwan ng eksistensyal na katanungan ang Ilokanong polimata kung kailan natin matatamo ang ganitong uri ng pagkakaisa. Sa puntong iyon, naging tahasan ang pangaral ni de los Reyes kung saan sinabing huwag tatanggap ng mababang bayad ang mga manggagawa sapagkat mahal ang mga pangangailangan upang mabuhay katulad ng sapat na pagkain (27).

Bahagi ng pambansang proyekto ng Ilokanong polimata ang pagbuo ng muling pagbangon, pagpapatatag, at pagpapalaganap ng itinuring niyang “lokal na kaalaman” para sa mga manggagawa. Sa pagkakataong ito, hindi nagtapos sa mabubuting pamamaraan at kaugalian ang naging litanya ni de los Reyes para sa mga manggagawa, bagkus kaakibat nito ang mga kongkretong tanda ng pagiging sibilisado upang makatarungang tratuhin kahit pa ng makakapangyarihan at mayayaman: “Bukod dito’y nagkakailangan naman kayo ng maayos at malinis na bahay at pananamit at ng masasabing kayo’y civilizado o tawong may pinagaralan. At lahat nitong kinakailangan ninyo ay dapat na babayaran ng mga mayayaman o nagpapagawa” (28). Upang mas mapatatag ang mga panukalang pagsasaayos na ito, mainam na magkaroon ng samahang tatalakay sa mga pamantayan at estandardisasyon sa suweldo ng mga manggagawa: “Kailangan nga na kayo’y magpulong na madalas upang pag-uusapan at pag-iisahan ng mga halaga ng paggawa na hihingin ninyo sa mga bumabayad” (28). Para sa mga manggagawa, hiniling ni de los Reyes na sa tuwing nakatatanggap ng gawain, trabaho, o anomang obra, kinakailangang pagsumikapan upang hindi lamang mapuri ang sarili, bagkus maging ang lahing Pilipino. Sa ganang ito, tiniyak ni de los Reyes na kung masusunod ang ipinayo, hindi mauubusan ang sinoman ng trabaho o gawain: “kung mahusay ng ating mga gawa ay itatangi tayo na tatawagin ng mga nagpapagawa” (28).

Ipinagtutulakan ni de los Reyes na matuto ang mga manggagawa ng mabubuting ugali at paraan bilang paghahanda sa mas malalaking trabaho o gawain na binabalak ng mga Amerikano. Aniya:

Magkakaroon tayo ng maraming trabaho na sarisari; magkakaroon tayo ng mga tramvia na walang kabayo at electricidad lamang ang magpapalakad; magkakaroon tayo ng mga bagong ferro-carril; mga bago at malalaki na bahay na itatayo sa kinaroronan ngayon ng mga muralla

at sa Aguadas; magkakaroon tayo ng mga gawaan ng mga vaso, botella, pingan, maquina ng habihan, at gayon din magtanim sila ng mga uud na pinangagalingan ng sutla; magkakaroon tayo ng mga himalang maquina sa pagbubukid at paglalagari, sa makatuid, baga, sa mga taon na haharapin, ay magkakaroon ng malalaking kayamanan at pagkabuhay ang manggagawang Filipino o Tagalog. (de los Reyes, "La Redencion del Obrero" 28)

Samakatuwid, marahil tinukoy ni de los Reyes na dagsa ang mga ilalakong trabaho dahil kaakibat ng pananakop ng mga Amerikano ang pagdating ng mga makabagong produkto ng teknolohiya bilang anyo ng transportasyon, mga mas modernong estruktura ng kabahayang ipagagawa, mga pabrika ng iba't ibang kasangkapan at mantel, at mga makinang pambukid o pangkonstraksiyong magbibigay ng mas mabibigat na trabaho at mas malalaking salapi.

Bahagi ng isang matinding pangangailangan ng paghahanda at pag-iigi ng mga manggagawa ang pagbuo ng isang unyon: "Kaya nga dapat nating humanda; kailangan nating na pagbutihin ng pagiisa ng mga manggagawa, upang magkaroon tayo ng mga cuadrillas organizadas de obreros o pulong na maayos ng mga manggagawa" (de los Reyes, "La Redencion del Obrero" 28). Kapag naisakatuparan ito, hindi malayong may maihaharap sa mga dayuhan ng mga manggagawang hindi lamang mahuhusay, bagkus maaayos ang pag-uugali. Buong-pusong itinaas ni de los Reyes ang panukalang magtulongan sa pagbuo ng nasabing unyon kaakibat ang ebanghelyo: "At sa katapusan nito, ibig kong sabihin na dapat nating tulungan ang Union del Trabajo, sapagkat siya ng aakay sa mga manggagawa sa icabubuti nila at layuan ninyo ang pagbubukodbukod, sapagkat gaya ng nasasabi sa Evangelio, casa dividida casa destruida" (28). Nakita ni de los Reyes ang unyonismo bilang epektibong sandata upang mapaigi ang ekonomikong sitwasyon ng mga manggagawa lalo pa't paparami ang mga dayuhang maaaring balang-araw pumalit sa kanila: "Bahay na mabukod-bukod ay lalagpak: sa makatwid ay ibig kong sabihin na kung kayo'y hindi magpakabait, magmasipag at husayin ang mga pangit naugali, ay paparito ang mga insik, japon, at pati ang mga moro sa India, gaya ng nakikita natin na araw-araw na dumadating sila dito at kaawaawa ang masasapit ng inyong mga anak" (28). Hindi pinagtuunan ang masalimuot na sigalot sa pagitan ng kapitalismo at paggawa, gayundin ang mabago ang ekonomikong estruktura. Naging mithiin ng bubuoing unyon ang maturuan ang mga manggagawa kung paano maging mabubuting mamamayan at sumunod ang matulongan ang mga miyembro sa pinansiyal na hamon.

Mawawaring ang mga payo na ibinahagi ni de los Reyes sa mga manggagawa ang magiging sandalan ng kanyang bubuoing sampung moral na koda ng nagsasariling

simbahan. Katulad ng inaasahan, malalim ang ugnayan ng nilalaman ng moral na koda ni de los Reyes sa eklesiyolohiya at dogmatikong teolohiya (Demeterio 907-09). Binigyang-diin ni de los Reyes ang mga sumusunod ang mga kinailangang maisakatuparan ng mga miyembro ng bagong simbahan tulad ng:

pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng mabubuting intensyon at honorable dahilan isa ito sa maraming katangiang magbubukod sa tao at sa mga hayop; pagiging masipag at pahalagahan ang trabaho; pag-iwas sa sugal, pag-aaksaya ng salapi, at pagkalulong sa bisyo; pagpapaunlad ng kaisipan sa pamamagitan ng pagkatuto sa agham; pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagdepensa sa kalayaan at pagtatanggol ng karapatan at interes; pahalagahan ang kalayaan bilang mahalagang regalo ng Maykapal; at pagbabasa ng anomang aklat anoman ang ideya o relihiyon ng mga may-akda. (de los Reyes, “La Redencion del Obrero” 907-09)

Sa bansang hiniraya ni de los Reyes, mahalagang aspekto ang moralidad, sariling pananaw, at pagkakamit ng karapat-dapat sa bawat indibidwal.

Ilang Paglilinaw sa Kasaysayan

Kinilala ni de los Reyes na may kakapusan at paglalatatag ng mga pagkiling at hindi pagkakatugma ang mga materyal hinggil sa Pilipinas. Ipinamalas ng Ilokanong polimata ang kadalubhasaan sa malalimang kritisismo sa mga sanggunian sa pamamagitan ng pagsisid at pagbubukas ng usapin sa kung paano naisagawa ang mga pagkakamali sa interpretasyon, naipasa mula sa isang indibidwal patungo sa iba pang indibidwal, at kung paano nakaapekto ang kalituhan sa pagtukoy ng mga pagkakakilanlan, identidad, at layunin ng mga historikal na personalidad (kung saan kabilang din siya) na sanhi ng kapabayaang at kawalan ng pamilyaridad sa mga lokal na kinamihasan. Sa puntong ito, matutunghayan ang ilan sa mga produkto ng pagmamatiyag at pagwawasto nang may paninindigan ngunit may kababaang-loob ang ilang mga pangyayari sa kasaysayan batay sa mga mapakikinabangang ebidensiya. Gayong may mga kahinaan at limitasyon ang kritisismo ni de los Reyes, hindi pa rin madaling maisawalang-bahala ang kanyang pagpupursigang hangarin na mabatid ang mga historikal na katotohanan.

Winika ni de los Reyes na minsan siyang pinaratangang miyembro ng Kataas-taasang Sanggunian ng Katipunan ayon sa hukom militar na si G. Francisco Olive. Dagdag dito, isa ring paratang ang lumutang na si de los Reyes ang “pinuno ng mga Ilokanong nagsasabwatan” na nangangahulugang naging tagapamagitan ng Ilokano at Tagalog: “nasabi na at naliliwanag pa sa dakilang katitikan na ipinahayag na hukom-militar na si G. Olive, na kalahok daw ako bilang bokal sa Kataas-taasang

Sanggunian ng Katipunan. Subalit hindi ito tumpak dahil sa nakilala ko ang samahang ito noong lamang Disyembre 1896 nang isama na ako sa ibang mga bilanggo” (Alcantara 126). Sanhi diumano ang pagiging Tagalog ng maybahay at naninirahan sa Maynila kaya maaaring ituring si de los Reyes na tagapamagitan ng mga Ilokano at ng mga Tagalog, gayundin ang pagiging representante ng masasaganang negosyante ng lupang tinubuan, ang Ilocos: “Naliliwanag din sa nasabing katitikan na ako raw ang pinuno ng mga Ilokanong nagsasabwatan, ibig sabihin, ako ang tagapag-ugnay sa kanila at sa mga Tagalog, dahil isang Tagala ang maybahay ko at naninirahan ako sa Maynila bilang katiwala o kinatawan ng halos lahat ng mayayamang mangangalakal ng mga lalawigang Ilokano” (126).

Upang pabulaanan ang mga paratang na ito, detalyadong inilahad ni de los Reyes ang isang liham na nagtataglay ng mga diumanong maling bintang sa kanya bilang kaanib ng mga mason: “narito ang isang liham ng mga fraile sa Ilocos na ipinadala sa kanilang pahayagan sa Madrid na ‘La Politica de España en Filipinas’ at inilathala sa bilang nito na lumabas noong ika-15 ng Enero, 1897” (Alcantara 126). Bilang pambungad sa liham, ibinunyag na katatapos lamang madiskubre ang isang nakabubulalas na pagsasabwatan sa La Union, Maynila, at iba pang lugar. Hindi inaasahan ang pangyayari sapagkat aksidenteng nasabi sa isa sa mga tatlong paring Filipinong kaanib sa pagsasabwatan ng San Fernando at La Union, kaya ipinatawag sa seminaryo ng napakadakilang Obispo ng diyoses na si G. Hevia Campomanes ang isang pari ng Ilocos Sur (126).

Kaalinsabay nito, binanggit ang pagkakadawit ni de los Reyes sa masoneriya na bukas-pintong tinanggap diumano ng Ilokanong polimata. Hindi natinag ang liham sa pagsisiwalat na “nagsimulang magpahayag [si de los Reyes] at isiniwalat ang lahat na lihim na pakana na isasagawa sa ika-10 ng Setyembre at pagpapapatayin lahat ng mga Espanyol” (126). Paglalahad pa, hindi basta lamang ang mga indibidwal na kaanib sapagkat alinsunod sa tatlo o higit pang nagpatunay, “ang pinakamayayaman at pangunahing tao rito ang mga preso. Kabilang sa kanila ang alkalde ng tanggapan ng lungsod na si Gregorio R. Si-Quia, anak ng Tsino at pinarangalan ng mga krus nina Isabelo Catolica at Carlos III” (127). Bago matapos ang liham, pinagtibay ang naging kapangyarihan ng impluwensiya ni de los Reyes dahil natukoy na residente siya ng Maynila (127).

Bilang inisyal na pagtugon sa mga nabanggit na alegasyon, mawawari ang matapang na pagtanggap ng Ilokanong polimata: “walang tama kahit alinman doon. Hindi ko kailanman ninais na maging mason, kahit na ipalagay ko noong una pa man na magiging mabisa ang masoneriya upang imulat ang mga Filipino sa sining ng pagsasabwatan” (Alcantara 127).

Agarang sinegundahan ni de los Reyes ng mga pahayag hinggil sa mga tunay na naging papel sa rebolusyon. Una, nagsimula sa kaibigang manunulsol na si G. Jose A. Ramos ang anyaya na lumahok si de los Reyes sa masoneriya, gayunman hindi nagdalawang-isip na ayawan ito: “inanyayahan niya ako na lumahok sa isang lohinyang masoneriya na Ingles, noong 1884. Subalit siya’y tinanggihan ko, at sinabi ko sa kanya na hindi ako nagpapalit ng relihiyon tulad ng pagpapalit ng kamiseta” (128). Sa laki ng pagtiwala ng kaibigan sa kanya, naging instrumental si de los Reyes sa pagwawasto ng mga pruwaba ng mga dokumentong masoniko. Ikalawa, sa pagtungo sa bahay ni G. Doroteo Cortes nabatid ni de los Reyes ang hangarin ng protestang laban sa mga prayle kung saan umaasa sa suporta ng Gobernador Sibil na si G. Centeno. Gayunman, naiba ang ihip ng hangin nang makaramdam si de los Reyes ng kapreskuhan sa tono ni G. Cortes: “subalit naglahong lahat ang kasiglahan ko nang buong kapreskuhang sabihin sa akin ni G. Cortes na humihingi sila at nakatitiyak na makakamit iyon... nagduda ako sa kakayahan ng mga direktor ng kilos-protesta, at naniwala ako na walang patawad na dudurugin sila ng mga fraile na totoong madaya at makapangyarihan” (129). Hindi nagkamali si de los Reyes sa kanyang matalinong pagkukuro, gayon nga ang nangyari sa maitim na plano ni G. Cortes.

Ikatlo, hindi itinanggi ni de los Reyes na minsang inalok siyang maging pinuno ng partidong progresistang Pilipino ng mga edukadong prayle: “ang mga fraileng may mas mataas na pinag-aralan na nagnais makipagsundo sa pag-unlad ng Filipinas, ay nag-isip noong 1888 na gawin akong pinuno ng isang partidong progresistang Pilipino na nakikiayon sa mga fraile, at tumutulad sa mga paniniwala ni Dr. Rizal” (Alcantara 130). Papayag lamang sa mga sumusunod na mga kondisyong repormang pampolitika: “pagkakaroon ng representasyon sa Spanish Cortes, pagtutulad ng mga lalawigan at munisipyong Filipino kagaya ng sa Espanya, pagpapainam ng mga perokaril at ng edukasyon, tustusan ang mga hangarin ng mga paring Filipino, dagdagan ang suweldo ng mga koadhutor, at magtayo ng mga sangay ng katedral sa mga diyosesis” (130-31). Ikaapat, pinasinungalingan ni de los Reyes ang pagsapi sa La Liga Filipina, isang progresibong organisasyong binuo ni Rizal sa Maynila, dahil sa hindi malapit ang loob ng Ilokanong polimata sa mga miyembro nito: “umasa po kayong lahat sa aking buwanang abuloy na halagang piso, subalit hindi ako makasasapi sa La Liga dahil sa hindi ako maaaring sumampa ng pagsunod sa mga tao na hindi ko pa nakikilala” (136). Naging bukas naman si de los Reyes kung may mga pagkakataong kakailanganin ang kanyang tulong na tiniyak na hindi magkukulang.

Sa pagsasara ng temang ito, hindi maaaring palampasin ang iba pang pinagtuunang usapin ni de los Reyes upang malinaw ang ilang mga bagay lalo pa kung tungkol

ang paksa sa relihiyon. Aniya, tanging mga Pilipino lamang ang may karapatang makaarok ng sinaunang relihiyong Pilipino sapagkat sila lamang ang maaaring lumublob sa kaibuturan ng tradisyon ng kanilang tahanan. Susubukin ng mga Europeong magsulat hinggil dito sa pamamagitan ng verbal na pagsisiyasat na maaaring hindi maiiwasan ang mga pagkakamali at makapasok sa masalimuot na patibong ng kontradiksyon katulad ng kung paano napahamak ang mga kronistang Espanyol. Sabi ni de los Reyes, “ang Kataas-taasang Diyos ng mga Taga-Isa ay ang bahaghari, o ang asul na ibon ayon sa ilan, ito naman ay dilaw, ayon din sa iba, na walang katotohanan, dahil hanggang sa kasalukuyan ay walang naitala, kahit ang mga naninirahan sa bundok ng kasalukuyan, na ang mga Pilipino ay sumasamba sa isang partikular na ibon bilang isang diyos” (de los Reyes sa Yap, “The Religion of the Katipunan” 4). Gayundin, parehong mga historyador ang tumukoy sa pagkakaroon ng iba’t ibang relihiyon ng mga Pilipino, subalit hayagang ipinagsigawan ng sinaunang kultura ang pagkakaroon lamang ng iisang pananampalataya: “at ang tila pagkakaiba ng katawagan ay binubuo ng iba’t ibang diyalekto sa Pilipinas, ngunit nagpapahayag ng parehong mga tao o ideya” (5). Paglilinaw ni de los Reyes, sinamba ng mga sinaunang Pilipino ang araw, buwan, at bahaghari bilang mas mabababang diyos o mga sekundaryong bagay sang-ayon sa *History of Ilocos* (6).

PAGLALAGOM

Sa panahon ng transisyon mula sa panahon ng Espanyol tungo sa panahon ng Amerikano, malinaw ang transisyon ni de los Reyes mula sa pagiging propagandista tungo sa pagiging mas radikal na manunulat. Sa huli, mahihinuhang tila hindi na naipagkasya ni de los Reyes sa panulat sa paghiraya ng bansa at lipunang Pilipino, kung kaya isinagawa ang mga ito sa kanyang mga naging sosyo-politikal na praksiyolohiya.

Sa anumang wika na bagamat nasa wikang Espanyol ang karamihan (tulad ng pagtatanggol ng kulturang Pilipino sa “The Tagalog Comedia”), kinasangkapan ni de los Reyes ang kadalubhasaan sa paglathala at sa pagtatag ng palimbagan upang yanigin ang mga nasa kapangyarihan at himukin ang mga Pilipinong kababayan.

Instrumental ang pagkakakulong sa Kastilyo ng Montjuich sa Espanya kasama ang mga anarkista, sosyalista, at komunista at malalimang pagninilay sa mga karanasan sa paglalakbay kung bakit umusbong ang partikular na lalim at hugis ng pagsusuri ni de los Reyes hinggil sa sitwasyon sa Pilipinas. Namataan ni de los Reyes sa Espanya ang mga manggagawa na may seguridad ng mga nasyong industriyalisado, kapangyarihan at kalayaan sa pagpapahayag, mga penomenong nais mapagtanto at mabatid sa sariling bansa. Maliwanag ang pakikipagbuno sa mga kontra-progresibong kaugalian sa mga prayleng Espanyol at ang tendensiya ng kolonyal na simbahang maibatay ang pagkasalba (o salvation) sa mga

sakramento at indulhensiya, at marahil natutunang maaaring maging tugon ang matatalim na kritisismo ni Marx sa relihiyon noong panahong nakapiit kaakibat ang mga radikal na Espanyol. Sinuguro ni de los Reyes na nangangahulugan ang pagsamba sa Diyos sa diwa at sa katotohanan sa pamamagitan ng “mabubuting gawa at humanitarianong pakiramdam” (Demeterio 907) at hindi nararapat na maging balakid ang nasabing pagsamba sa hangaring makamtan ang kaunlaran. Hindi lamang ang gawa at ang paggawa nang mabuti ang makapagbibigay ng materyal na kaginhawahan sa sangkatauhan, bagkus maging ang mga bagay na magtataas ng kasiglahan ng kapaligiran.

Ang rebolusyonaryong pamamahayag ay pagpuksa ng ideolohiya habang pinagagana ang kapangyarihan sa loob ng isang espasyo. Maituturing ang mga diskursibong estilo ni de los Reyes sa kanyang mga artikulo ay probokatibo sa halip na metodolohikal, alanganin sa halip na tuwiran, tentatibo sa halip na depinitibo sanhi marahil ng sensura, politikal na persekusyon, at ang kakuntentuhang maisakatuparan ang mabilisang resulta. Sa kabuoan, tinangka ng kanyang mga artikulo na maging petisyon para sa pagtatalaga ng mga karapatan at kalayaan sa kolonya, kung saan naisipang kinailangang pagtuunan ng Espanya at ng mga mamamayan nito. Sa kabila ng pagmamatiyag at pagsupil, sinikap ni de los Reyes na mapalawak ang espasyo ng hiwatig ng kanyang pamamahayag. Hinangad niyang makatawag-pansin upang makakuha ng tugon mula sa Espanya sa panahong lumilipas na ang kontrol sa kolonya (Labiste 34).

Kinailangan ng malalimang pagbabasa ang pagsandig ni de los Reyes sa mga eupemismo at iba pang mga aparato sa pagsusulat upang mailahad ang mga ipinataw na mga ritwal, representasyon, at batas kung saan walang kalaban-laban ang kolonya, ngunit maaaring aktwal na salantain sa pamamagitan ng pagrepresenta nito sa ibang paraan mula sa orihinal na balak ng mga Espanyol. Sa mga isinulat na artikulo, hindi idinetalye ni de los Reyes ang nostalhiya o natibismo, sa halip iminungkahi ng mga iskolar tulad nina Resil Mojares, Benedict Anderson, at William Henry Scott na ipinosisyon ni de los Reyes ang pundasyon kung saan makabubuo ng isang bansa (Labiste 33). Maituturing na nakatulong ang mga artikulo ni de los Reyes hindi lamang sa paghahayag ng mga kasalukuyang suliraning sosyo-politikal ng kanyang panahon, bagkus nagbigay-daan upang tumayong simbolo ng hinirayang lipunang Pilipino.

Hindi maihahambing ang mga lokal at pambansang pagpupursigi ni de los Reyes na nagtrabaho sa Pilipinas, kumpara sa mga pamamaraan ng mga kapwa-ilustrado na nagtrabaho sa Espanya noong panahon ng Kilusang Propaganda. Bukod pa sa nakapag-ibang bansa lamang si de los Reyes noong mailipat sa piitan sa Kastilyo ng Montjuich sa Barcelona sa Espanya, masasaksihan na ang mga kontribusyon,

korespondensya, at pakikipagdebate ni de los Reyes ay sa pamamagitan ng pagsulat at paglathala ng artikulo sa loob ng masalimuot na kalagayan ng Pilipinas. Habang piniling pagtuunan ng mga kapwa-ilustrado na suriin at maghain ng mga reporma gamit ang mga tala at dokumentong mapakikinabangan sa Europa, matutunghayan na estratehiko ang tinahak ni de los Reyes dahil pinili niyang mag-ugat, magsulat, at maglathala hinggil sa teodesiyang Pilipino, kolonyalismo sa Pilipinas, kulturang Pilipino, mga etika at halagahing Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikiisa sa mga hindi napakikinggang katutubo at mga nasa laylayan ng lipunan na magiging bahagi ng kanyang hinihirayang bayan. Katunayan, ang naging debate ni de los Reyes at ni Rizal na itinatangi ang kaugnayan ng mga Pilipino sa mga katutubo upang maiwasang tawaging “hindi sibilisado.” Samantala, lubos na ipinagmalaki noon ni de los Reyes ang pagiging kapatid ng mababangis (“brother of the wild”).

Samakatuwid, sa kabila ng pagsulat sa Espanyol at pagkakaroon ng impluwensya mula sa kaisipang Kanluranin, ang paghiraya ni de los Reyes sa bansa ay nakasandig sa kamalayan ng bayan. Higit sa lahat, hindi lamang nanatili si de los Reyes sa pagsulat at paglathala upang makabuo ng mga kaisipan at kasaysayan, kinasangkapan maging ang sariling mga kamay upang mag-organisa sa gitna ng mga hamong bumuo ng mga oportunidad upang makiisa sa pakikibaka, maging ang mga karaniwang indibidwal, para mapagtagumpayan ang mga bagay na minsan lamang pinangarap para sa Pilipinas.

SANGGUNIAN

- Alcantara, Teresita A., tagasalin. *Memoria: Mga Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-97*. Ni Isabelo de los Reyes, U of the Philippines P, 2001.
- Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Pasig City, Anvil Publishing, Inc., 2003.
- Bragado, Erlinda. "Sukimatem: Isabelo de los Reyes Revisited." *Philippine Studies*, vol. 50, no. 1, 2002, pp. 50-75.
- Chua, Michael Charleston B. "Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan." *Saliksik E-Journal: Saysay ng Salaysay*, vol 3, no. 2, 2014, pp. 79-91.
- . "Ang Paghiraya sa Nasyon: Ang mga Pagdiriwang ng Anibersaryo ng Komonwelt ng Pilipinas (1936-1941)." *Social Science Diliman*, vol. 4, no. 1-2, 2007, pp. 91-127.
- De Achutegui, Pedro at Bernad, Miguel. *Religious Revolution in the Philippines: The Life and Church of Gregorio Aglipay 1860-1960*. Vol. 1, Manila, Ateneo de Manila P, 1960.
- De Achutegui, Pedro at Bernad, Miguel. *Religious Revolution in the Philippines: The Life and Church of Gregorio Aglipay 1860-1960*. Vol. 4, Manila, Ateneo de Manila, 1960.
- De los Reyes, Isabelo. *History of Ilocos* Vols. 1-2. Isinalin ni Maria Elinora Peralta-Imson, University of the Philippines Press, 2014.
- "La redencion del obrero" ["The Redemption of the Laborer"]. Maynila, Imprenta de Isabelo de los Reyes, 1904.
- *Ang Comediang Tagalog [The Tagalog Comedia]*. 1904.
- *Catequesis de la Iglesia Filipina Independiente*. Manila, 1912.
- *Doctrina y Reglas Constitucionales de la Iglesia Filipina Independiente*. Manila, Imprenta-Tipografia de Modesto Reyes y C.A., 1904.
- *Filipinas Ante Europa [The Philippines Before Europe]*. Madrid, Imprenta de Ambrosio Perez y Compañia, 1889-1901.
- *Notes in Order to Familiarize Myself with Philippine Theodicy: The Religion of the Katipunan Which Is the Religion of the Ancient Filipinos*. National Historical Institute, 1980.
- Demeterio, F.P.A. "Don Isabelo de los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology." *Philippiana Sacra*, vol. 47, no. 142, 2012, pp. 883-918.
- Garcia, Maria Gloria Cano. *The "Spanish colonial past" in the construction of modern Philippine history: A critical inquiry into the (mis) use of Spanish sources*. Singapore, National University of Singapore, 2006.
- Guerrero, Milagros C. *Luzon at War: Contradictions in Philippine Society, 1898-1902*. Anvil Publishing, Inc., 2015.
- Labiste, M. "Folklore and Insurgent Journalism of Isabelo de los Reyes." *Plaridel Journal*, vol. 13, no. 1, 2016. pp. 31-45. www.plarideljournal.org/article/folklore-insurgent-journalism-isabelo-de-los-reyes/ Inakses noong 7 Feb. 2018.

- Liwanag, Leslie Anne L. "Mga Aral at Kabatirang Maaaring Matamo ng Pilosopiyang Pilipino mula sa mga Obra ni de Los Reyes sa Yugto ng Kanyang Paghuhubog (1864–1889)." *SURI: Journal of the Philosophical Association of the Philippines*, vol. 8, no. 2, 2019–2020, suri.pap73.org/issue12/Liwanag_SURI_2019-20.pdf. Inakses noong 16 Peb. 2022.
- Liwanag, Leslie Anne L., at Michael Charleston "Xiao" B. Chua. "Ang Pilipinas Bilang Lupain ng Kabalintunaan: Si Isabelo de los Reyes Bilang Tagapag-Ambag sa Pahayagang La Solidaridad (1889–1895)." *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society*, vol. 16, no. 1, June 2019, www.plarideljournal.org/article/ang-pilipinas-bilang-lupain-ng-kabalintunaan-si-isabelo-de-los-reyes-bilang-tagapag-ambag-sa-pahayagang-la-solidaridad-1889-1895/. Inakses noong 16 Peb. 2022.
- Llanes, Ferdinand C. *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*. Quezon City, Trinitas Publishing, Inc., 1994.
- "The Life of Senator Isabelo de los Reyes." *Manila Chronicle*, 1949.
- Mojares, Resil. "Brother of the Wild." *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City, Ateneo de Manila UP, 2006, pp. 255–88.
- "Deploying Local Knowledge." *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City, Ateneo de Manila UP, 2006, pp. 289–337.
- "Producing Isabelo." *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City, Ateneo de Manila UP, 2006. pp. 337–80.
- "Isabelo's Archive: The Formation of Philippine Studies." *The Cordillera Review*, vol. 1, no. 1, 2009, pp. 105–20.
- Mojares, Resil. "Ilocanizing Verdi." *Isabelo's Archive*, Anvil Publishing Inc., 2013, pp. 186–98.
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Quezon City, Ateneo De Manila UP, 2013.
- Rizal, Jose P. "A Reply to Don Isabelo de los Reyes (Una Contestacion a Don Isabelo De Los Reyes)." *La Solidaridad*, 1890, pp. 505–07.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayan Pilipino." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, no. 15, 2006.
- Ross, R. "Moro-moro." *The Encyclopedia of the Spanish-American and Philippine-American Wars: A Political, Social, and Military History*, edited by Spencer C. Tucker, vol. I, ABC-CLIO, 2009.
- Salazar, Zeus A. "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, no. 8, 1998.
- "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, no. 6, 1999.
- Yap, Joseph Martin, tagasalin. *The Religion of the Katipunan or the Old Beliefs of the Filipinos*. Ni Isabelo de los Reyes, U of the Philippines P, 2002.

Leslie Anne L. Liwanag (leslie_liwanag@clsu.edu.ph) is an associate professor of the Distance Open and Transnational University at the Central Luzon State University. Her various essays are on cultural and media studies, Philippine studies, and Filipino philosophy.

Michael Charleston “Xiao” B. Chua (michael.chua@dlsu.edu.ph) is a PhD candidate in anthropology at the University of the Philippines Diliman. He is an assistant professorial lecturer in the History Department of De La Salle University and a columnist for *Abante* and *The Manila Times*.